

ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS NA MAKAPAGPABAGO



[Si Kapatid na Branham ay ipinakikilala ni Kapatid na Carl Williams—Pat.] Salamat, kapatid. [“Tiyak na magiging talagang isang pribilehiyo na maparito si Kapatid na Branham nang napakadalas sa Phoenix. Sa palagay ko’y mas madalas siyang pumupunta sa Phoenix kaysa alin mang lugar. At nais natin siyang patuloy na magpunta, basta hangga’t naririto ako, kahit papaano. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Branham.”] Salamat, salamat sa iyo, Kapatid na Williams.

Magandang umaga, mga kaibigan. Ako ay . . . Itong tungkol sa pamilyang Shakarian, sina Kapatid na lalaking Williams at Kapatid na babaeng Williams at marami sa kanila rito ay alam ang tungkol dito. Nakita ko iyon sa isang pangitain, mga dalawa hanggang tatlong taon bago pa siya nagkasakit, at nangyari nga iyon.

² At noong nakaraang taon nang naririto kami, sa palagay ko’y Enero ’yun, doon sa kombensiyon, ’yun ay noong panahon na ang paring iyon (ano na’ng pangalan niya? Nakalimutan ko na ngayon ang pangalan niya) ay naririto noon. [May isang nagsasabi, “Stanley.”—Pat.] Stanley, Obispo Stanley, mula sa simbahang Katoliko. Naaalala n’yo nang dalhin niya sa akin ’yung Biblia, alam n’yo, at sinabi niya sa akin.

Iyon ay mga ilang pagpropesiya, “Anak kong babae, magaling ka na.”

³ At batid niya na sinabi ng pangitain na hindi ito gagaling. “Mamamatay siya sa pagitan ng alas-dos at alas-tres ng umaga.” Naaalala n’yo ba iyon? [May isang nagsasabi, “Oo.”—Pat.] Kaya, alas-dos o alas-tres.

⁴ At hindi ko masabi kay Demos. At gayunma’y sinabi ko sa ina-inahan niya, na naroon mismo sa silid, sa kabila nitong dakong ito. Sabi ko, “Hindi na siya gagaling.”

Sabi ni Gng. Shakarian, “Buweno, ang lahat naman ay nagpropesiya na.”

⁵ Sabi ko, “Siyempre, maaaring magkamali ako, sa sarili ko, pero sinabi ko na ito. Hindi na siya gagaling.”

⁶ Sinabi ko sa marami sa kanila, mga tatlong taon na ang nakakaraan, “Nakita ko siyang tumatakbo para sa kanyang buhay, at naratay siya sa isang higaan. At itinaas niya ang kanyang mga kamay at sumigaw siya sa akin, nang ganyan. At ako—ni hindi ko siya maabot. At pagkatapos ay nakita ko siyang

mamatay. At tumingin ako, at may kung ano, na may orasan, at nakasaad ditong nasa pagitan iyon ng alas-dos at alas-tres.”

⁷ At kaya sinabi ng obispo, “Buweno, magmamasid na lamang ako at titingnan kung papaano ’yon mangyayari.” Anopa’t, nangyari nga ito.

⁸ Talagang ikinalulungkot natin. Nadarama kong nawalan ang iglesya ng isang dakilang tao, kay Kapatid na babaeng Florence Shakarian. Ngunit, isa siyang magaling na mang-aawit, isa siyang babaeng puspos ng Espiritu.

⁹ Nakasama ko ang nanay niya; ang nanay niya ay isa sa mga naunang kakilala ko sa West Coast, nang gumaling ang kanyang nanay. Nang ang mga doktor . . . Na-koma ito, at namaga na noon ang kabuuan. At kaya ang—sinabi sa akin ng doktor na naroon, sabi, “Ngayon maging talagang tahimik ka kapag nanalangin ka. Huwag kang lumikha ng gaanong ingay. Naghihingalo na ang babae.”

Sabi ko, “Oo, ginoo.”

¹⁰ At sabi niya, pagkatapos, sadyang paulit-ulit na sinasabi sa akin. At, buweno, ni hindi nga ako nagkaroon ng pagkakataong maibuka ang bibig ko, ganyan.

¹¹ Kaya, si Kapatid na Demos ang nagsabi sa akin na tumuloy at pumanhik na at tingnan siya.

¹² Kaya, pumanhik ako sa itaas. At nakaluhod sa sahig si Florence, na noo’y isang magandang munting batang babae, at ilan pang mga kababaihan. At tumuloy ako’t nanalangin para sa kanya, at sinabi iyon. At wala siyang malay noon. At sinabi sa kanyang makakabangon siyang muli. At bumangon nga siyang muli. Makalipas ang ilang taon, ay namatay siya. At iyon nga, tinutugon ng Diyos ang ating mga panalangin.

¹³ At alam natin na, naniniwala tayong lahat na tayo ay naparito sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos, at lumilisan tayo sa gayon ding paraan. Isa-isa, bawat isa sa ati’y tatawirin ang pintuang iyon. At iyon ang dahilan kung bakit naririto tayo sa umagang ito, na sama-samang nagkakatipon dito sa Christian Business Men’s Fellowship, ay upang mag-usap tungkol sa mga bagay na ito, at paghandaan ang mga ito, dahil alam nating tiyak na darating ang mga ito.

¹⁴ Ngayon si Kapatid na Florence ay isang bata pang babae, apatnapu’t dalawang taong gulang, kasasabi lamang sa akin ni Kapatid na Williams, at napakabata. Ngunit bago pa nila, niya nalamang mayroon siya ng sakit na ito, naku, nakita ko ang isang pangitain tungkol sa kanya at na sinabi sa akin ang kahahantungan niya. Kung gayon, mangyayari nga ito. Alam ng Diyos ang lahat ng tungkol dito, at ang pagkakita niya kay Jesus sa silid bago siya pumanaw. Sadyang ayaw na natin siyang ipanalangin pa, dahil nagawa na natin iyon nang labis-labis.

Nais na lamang nating pasalamatang ang Diyos para sa isang buhay na napasa ating kalagitnaan, na nagbigay ng inspirasyon sa ating lahat, kagaya ni Kapatid na babaeng Shakarian.

¹⁵ At nais nating manalangin para kina Kapatid na Demos, Kapatid na Rose. At alalahanin, nagkaroon sila ng matinding dagok sa kanilang buhay, sa huling. . . ito’y ang ama niya, at ang kanyang kapatid na babae naman ngayon sa kanyang. . . sa huling mga taong ito. [May isang nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Pero, at, oo, kulang sa, kulang, sampung buwan; at ang kapatid na babae, si Kapatid na Edna, rin.

¹⁶ Kaya, alam ko kung papaano makisimpatya kay Kapatid na Demos. Nagkaroon ako ng ama, kapatid na lalaki, asawa, at sanggol, na pumanaw sa loob ng mga ilang araw na pagitan, kaya ako—alam ko kung anong nararamdaman niya sa umagang ito. Malalaman mo lang kapag tumayo ka sa kanilang kalagayan, doon mo malalaman kung papaano makisimpatya. At. . .

¹⁷ [Nag-iingay ang sistemang pampalakas ng tunog—Pat.] Ako mismo ang may kagagawan nun. Pasensiya na. Nasagi ko ang isang maliit na aparato dito sa kung saan, ng kamay ko. Kaya ako—ipagpaumanhing nalakasan ko ito nang sobra, at hindi ko sinasadya.

¹⁸ Kung gayo’y tumayo tayo ngayon habang tayo. . . kung magagawa n’yo, kung ito’y. . . Iyukod natin ang ating mga ulo.

¹⁹ Makalangit na Ama, nagkatipun-tipon po kami dito ngayong umaga upang sambahin Ka, at bigyan Ka ng pasasalamat at papuri, sa pagsusugo Mo kay Jesus na aming Manunubos, na mayroon kaming isang pag-asa pagkatapos na matapos ang buhay na ito, nakikitang lubos na walang katiyakang mabubuhay kami dito sa habang panahon. At, Ama, ang makita ang kalunus-lunos na mga kalagayang maaaring apitin ng mga katawang ito, nagagalak kami na hindi namin kailangang manatili dito sa habang panahon. Ikaw po ay gumawa ng isang daan ng pagtakas, padaan doon sa lambak ng kamatayan.

²⁰ At, Ama, nagpapasalamat kami sa Iyo sa umagang ito, para sa buhay ng isa na tumayong kasama namin, kulang ng isang taon na ang nagdaan, na umaawit ng mga papuri sa Iyo; si Kapatid na Florence Shakarian, gaya ng nakilala namin siya. At matagal Mo nang sinabi sa amin bago pa man, mga taon na, na mangyayari ito, upang hindi na ito labis na makabigla pa sa amin. At batid namin na totoo ang Iyong sinasabi. At saka sinasabi ng Iyong Salita, “Ang tao na ipinanganak ng babae, ay lipos ng kaunting araw at lipos ng mga kabagabagan.” Batid naming totoo iyon, din naman, Panginoon. Batid namin na kailangan naming lahat na dumaan sa lambak na iyon. Kaya nagpapasalamat po kami sa Iyo para sa kanyang buhay na naparito sa lupa. At naniniwala sa pamamagitan ng pananampalataya, na ngayon, sa umagang ito, ay lumampas

na siya mula sa miserableng bahay-peste na katawang ito, patungo sa isang maluwalhating katawang hindi na kailanman magkakasakit pa. At ang kanyang mga talento sa pag-awit, at ang tinig na taglay niya, at ang kanyang espiritung lubos na nabiyayaan kay Cristo! Para makabalik pa siya sa umagang ito, ay hindi niya ito gagawin sa anumang paraan; kakailanganin na naman niyang pagdaanang muli ang lahat ng ito. Na, ngayo'y tapos na ito, nasa piling na siya ng kanyang ina at ng kanyang tatay. Tinawag na nila ang kanilang anak pauwi. Kaya, kami—nagpapasalamat po kami sa Iyo.

²¹ Nais din naming dumalangin para sa kaaliwan, para sa aming Kapatid na Shakarian, na aming pinakamamahal na kapatid na lalaki, na nalalaman ang—ang buhay na kanyang ipinamuhay, at ang mga paghihirap na kanyang dinaranas nitong mga huling araw, at ang kanyang kalagayan; nakikita siyang nagkakaedad na, at nalalagas na ang kanyang buhok, at humuhukot na ang kanyang mga balikat, at gayunma'y sinisikap pa ring manatili sa larangan para sa Diyos. Diyos, bigyan Mo po siya ng kalakasan ngayon. Dalangin namin, Diyos, na Iyong ipagkakaloob ito. Para sa lahat ng mga naulila sa kanyang pagpanaw, dumadalangin po kami para sa bawat isa.

²² At kami nawa, Panginoon, habang iniisip namin ito, ay alalahanin naming kakailanganin rin naman naming lumisan balang araw. Habang sama-sama kaming nakaupo dito sa Presensiya ng Panginoong Jesus, hihilingin namin na Iyo pong sariwain ito sa aming alaala. At hayaan kaming magsipagsuri, na para bang, o mag-imbentaryo ng aming mga sariling buhay, upang kami'y mapasailalim ng Dugo at sa Pananampalataya. Ipagkaloob ito, Panginoon.

²³ Ngayon habang sinisikap ko sa ilalim ng mga pangyayaring ito na maghatid ng isang munting mensahe sa mga tao, sa araw na ito, dalangin ko na Iyo po akong tulungan, Panginoon. Palakasin Mo po ako, sapagkat ako—ako—kailangan ko ito, Panginoon. At dalangin ko po na Iyong ipagkakaloob ito. At may masabi nawang anuman na sadyang makapagpaparangal sa Iyo. At kung mayroon mang maaabot ng tinig ng aming mga boses sa umagang ito, na hindi pa handang harapin ang oras na nakalatag sa kanilang harapan, maging ito na nawa ang sandali kung kailan sila ay susuko na sa Kanya na Siyang nagsabi, “Ako ang Daan, ang Buhay, ang Katotohanan,” na samakatwid ay ang aming Panginoong Jesus Cristo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen. (Makakaupo na kayo.)

²⁴ [May tao sa entablado na nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Gustong malaman ng kapatid na lalaki dito kung maayos na nakakarinig ang lahat. Ibinukas niya ang dalawang mikropono. Ayos na ba 'yan? Naririnig n'yo ba? Itaas ang mga kamay n'yo kung naririnig ninyo. Naririnig n'yo ba? Itaas ang mga kamay n'yo. Sige.

²⁵ Ikinalalungkot ko na wala tayong mauupuan na lugar para sa lahat ngayong umaga. At umaasa tayo na hindi ako mananatili dito nang napakatagal, sapat lamang upang marahil ay hatiran tayo marahil ng isang pagbasa ng Salita; na kikilalanin ng Panginoong Diyos ang Kanyang Salita na binabasa, at pagkakalooban tayo ng Kanyang biyaya, upang mapaglingkuran natin Siya sa pamamagitan nito.

²⁶ Ngayon sinabi sa akin ni Billy Paul, kaninang umaga, na baka mangyaring magsalita kami sa susunod na Linggo sa Grantway Assembly of God, sa Tucson. Kung mayroong sinuman dito na taga-Tucson, baka hindi ko kayo makita sa linggong ito. Nasa Grantway Assembly of God ako, sa susunod na Linggo.

²⁷ Kaya ngayo'y kababalik lang namin mula sa Silangan, at medyo nasagad ko ang sarili ko nang kaunti, sa sobrang kain, sa sobrang kabaitan ng mga tao doon sa kabundukan. At—at nagkasakit ako, kaya hindi naging mabuti ang pakiramdam ko nitong linggong ito. Kaya, ipanalangin n'yo ako. At . . .

²⁸ [May isang nagsasabi, “Nasobrahan sa opossum.”—Pat.] Anong sabi mo? [“Nasobrahan sa opossum.”] Si Kapatid na Carl Williams sa kanyang pagpapatawa, at sa tingin ko'y kailangan natin ito ngayon mismo, sabi niya, “Nasobrahan sa opossum.” Hindi ko alam ang tungkol diyan, Kapatid na Carl, pero sangkatutak na squirrels. [Tumatawa si Kapatid na Branham.]

²⁹ Kaya kung nais n'yong manalangin para sa sinuman sa umagang ito, naku, ako—talagang pinasasalamat ko kung ang iba sa inyong panalangin ay maging para sa akin, dahil ako—kailangan ko iyon.

Ngayon nais nating dumako na agad sa Salita.

³⁰ At hindi ko gustong panatilihin kayo dito nang napakatagal, dahil sa palagay ko'y may nakakonekta sa telepono sa buong bansa, dito sa umagang ito, papunta mula sa West Coast hanggang sa East Coast, mula sa Hilaga at pa-Timog. Maraming, maraming mga pagtitipon ang kumuha nitong akomodasyon na kagaya rin ninyong lahat dito mula sa tabernakulo. Nakakonekta din ito sa Phoenix, na kahit saang naroon ang mga gawain, nagtutungo ito mismo sa . . . At nagkakatipon sila sa mga bahay-sambahan at sa mga tahanan, at mga bagay na ganoon, sa pamamagitan ng isang maayos na pagsasatelepono. Sabi nila'y mas mainam pa raw ito kaysa sa isang pagsasahimpapawid. Ito'y ang pagkakakonekta sa telepono, naglalagay sila ng isang pansagap o isang mikropono, o maging anuman iyon, sa silid. At sila . . . Sabi ng asawa ko, pagkagaling sa Indiana noong nakaraang linggo, papuntang Tucson, para lang din daw itong naroroon ka mismo doon sa silid. Kaya dalangin natin na pagpalain ng Diyos ang lahat ng mga nasa linya ngayong umaga, saan man sila naroroon. Doon sa New York na ngayon ito, oh, sa hapon na, at sa iba't ibang oras habang patawid ito ng bansa.

31 Ngayon doon sa Aklat ng Mga Taga-Roma, ang ika-12 kabanata, at ang una at ika-2 talata, nais natin—nais nating basahin ang Kasulatang ito.

Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo alang-alang sa mga kahabagan ng Dios, na iharap ninyo ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, at kaaya-aya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.

At huwag kayong magsiyon sa sanglibutang ito: kundi mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, at lubos. . . mabuti, kaaya-aya, at lubos, na kalooban ng Dios.

32 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, nais kong talakayin ang aking paksa para sa umagang ito, tungkol sa: *Ang Kapangyarihan Ng Diyos Na Makapagpabago.*

Upang hindi kayo magsiyon sa sanglibutang ito: kundi. . . mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, ngayon, at mapatunayan kung alin yaong mabuti, lubos, at kaaya-aya, na kalooban ng Dios.

33 Isa itong kilalang lumang teksto na ginamit na ng marami sa mga pastor ninyo nang nakalipas hanggang sa inyong panahon. Ginagamit na ito mula pa nang maisulat Ito. Ngunit gayunman, ang isang bagay tungkol sa Salita ng Diyos, hindi Ito naluluma, dahil Ito’y ang Diyos. Hindi Ito naluluma. Sa bawat nagdaang salinlahi ngayon, sa loob ng halos, ng mga dalawampu’t walong daang taon, o higit pa, ang Salitang ito ng Diyos ay nabasa na ng mga tao, mga pari, at iba pa, at hindi Ito kailanman naluluma. Binabasa ko na Ito, ako mismo, sa loob ng humigit-kumulang tatlung taon na. At sa tuwing binabasa ko Ito, nakasusumpong ako ng bagong bagay na hindi ko napansin noong unang pagkakataon. Dahil sa, kinasihan Ito, ang Diyos Ito sa anyong titik. Kita n’yo, Ito’y ang mga katangian ng Diyos na una nang nangungusap, at inilagay sa papel.

34 Maraming beses, sabi ng tao, “Buweno, ngayon, tao ang sumulat ng Bibliang ito.” Hindi. Sinasabi ng Biblia, Mismo, na ang Diyos ang nagsulat ng Biblia. Ito ang Salita ng Diyos.

35 At hindi Ito kailanman mabibigo. Sinabi ni Jesus, “Ang mga Langit at lupa ay mabibigo, lilipas, subalit hindi kailanman mabibigo ang Aking Mga Salita.” At hindi Ito maaaring mabigo, at bilang Diyos, dahil bahagi Niya Ito.

36 At pagkatapos kayo bilang isang anak na lalaki at anak na babae, ay bahagi kayo Nito, at iyan ang nagpapaging bahagi sa inyo sa Kanya. Kaya iyon ang dahilan kaya nagpupunta tayo upang sama-samang magkatipon sa Salita ng Diyos.

³⁷ Ngayon itong salitang *nag-iba*, tiningnan ko sa diksiyunaryo, kahapon. Nang, hindi ko na halos namalayan ang oras na dapat akong maparito, nang naghahanap ako ng isang teksto, at nasumpungan ko ang salitang ito, o ang tekstong ito, pala, Kasulatan. At sinasabi sa diksiyunaryo na ito’y “isang bagay na nabago.” Ito’y ang “mabago.” *Nag-iba*, “iniba sa kung ano ito dati.” Ito’y naging, “Ang katangian nito at lahat na ay nabago rito,” *mag-iba*.

³⁸ At naiisip ko ngayong umaga, sa Genesis 1. Walang anyo noon ang mundong ito, at wala itong laman, at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng lupa; walang kahit ano kundi isang lubos na kawalang-kaayusan. At nang ang mundong ito’y nasa ganoong kalagayan, ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa ibabaw ng tubig, at nagbago ang buong larawan; mula sa isang lubos na kawalang-kaayusan, tungo sa isang halamanan ng Eden. Iyon ay ang nakapagpapabagong Kapangyarihan ng Diyos, na makakakuha ng isang bagay na wala at makakagawa ng isang bagay na kahanga-hanga mula rito. Ang nakapagpapabagong Kapangyarihan ng Diyos!

³⁹ At naunawaan natin na, sa pamamagitan ng pagbabasa ng Mga Kasulatan, na ang Diyos ay anim—anim na libong taon sa pagsasagawa ng paghahandang ito para sa Eden na ito. Ngayon, maaaring hindi naman Siya ganoon katagal; kundi pagpapalagay lamang, at kinukuha ito mula sa Kasulatan kung saan Nito sinabing “ang isang araw sa Diyos, ay isang libong taon sa lupa,” iyon ay, kung bibilangin ng Diyos ang oras. At sabihin nang anim na libong taon ang Kanyang ginugol sa paglikha sa lupa, at itinanim Niya sa ibabaw ng lupa ang lahat ng mabubuting binhi. Doo’y sadyang ang lahat ng bagay ay sakdal.

⁴⁰ Iniisip ko, maraming beses, na kapag sinimulang basahin maging ng mga kritiko ang Aklat ng Genesis, sinisimulan nila Itong pulaan, dahil para bang inuulit-ulit Nitong patuloy ang sarili Nito, o dinadala ka kung saan-saan.

⁴¹ Ngunit kung papansinin lamang natin sandali, bago tayo dumako sa ating teksto, na, si Moises ay nakita ang pangitaing iyon. At nangusap sa kanya ang Diyos. Nangusap ang Diyos kay Moises nang mukhaan, nang labi sa tainga. Ngayon, hindi Siya kailanman nakipag-usap sa sinumang tao nang ganoon, na gaya ng ginawa Niya kay Moises. Ngayon, si Moises ay isang dakilang, isa sa mga pinakadakila sa lahat ng mga propeta. Isa siyang tipo ni Cristo. At ngayon ang Diyos ay nakakapagsalita, mayroon Siyang boses. Narinig na ito. Nakakapagsalita ang Diyos.

⁴² At nakakasulat ang Diyos. Isinulat ng Diyos ang sampung Utos sa pamamagitan ng Kanyang Sariling daliri. Nagsulat Siya sa mga pader ng—ng Babilonia minsan, sa pamamagitan ng Kanyang daliri. Yumuko Siya at nagsulat sa buhangin minsan,

sa pamamagitan ng Kanyang daliri. Nakakapagsalita ang Diyos. Nakakabasa ang Diyos. Nakakasulat ang Diyos.

⁴³ Ang Diyos ang Bukal ng lahat ng biyaya at Kapangyarihan, at ng lahat ng Banal na karunungan, ay nasa Diyos. Kaya kung gayon, nalalaman na, Siya ang nag-iisang Manlilikha na mayroon. Wala nang iba pang manlilikha liban sa Diyos. Hindi nakakalikha si Satanas, sa anumang paraan, binabaluktot lamang niya kung ano ang nalikha na. Ngunit ang Diyos lamang ang nag-iisang Manlilikha.

⁴⁴ Kaya nga, lumikha Siya sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Isinugo Niya ang Kanyang Salita. Kaya lahat ng mga binhing inilagay Niya sa ibabaw ng lupa, inanyuan Niya ang mga binhing iyon sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Salita, sapagkat wala nang iba pang pagmumulan upang makalikha ng binhi. Inilagay Niya ang mga iyon, at nasa ilalim ang mga iyon ng tubig. Sinabi lamang Niya, “Magkaroon ng *ganito*, at magkaroon ng *ganoon*.”

⁴⁵ Ngayon natuklasan natin na, maraming beses, para bang ang Biblia’y nag-uulit o nagsasabi ng isang bagay sa kung anong hindi naman Nito sinasabi. Halimbawa, masusumpungan natin sa Genesis 1 na, “Nilalang ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang Sariling larawan, nilalang Niya siya ayon sa larawan ng Diyos; nilalang Niya sila na lalaki at babae.” At pagkatapos ay nagpatuloy pa Siya, at maraming mga bagay ang nangyari sa ibabaw ng lupa.

⁴⁶ Pagkatapos ay natuklasan natin, na walang taong magbubungkal ng lupa. “Pagkatapos ay nilalang ng Diyos ang tao sa alabok ng lupa.” Ibang tao iyon. “At Kanyang hiningahan siya ng espiritu ng buhay, at siya ay naging kaluluwang may buhay.”

⁴⁷ Ang unang tao’y ayon sa larawan ng Diyos, na Espiritu. Ang Juan 4, ay nagsasabi, “Ang Diyos ay Espiritu, at ang mga sa Kanya’y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa Kanya sa Espiritu at sa Katotohanan.” Ngunit Ang Diyos ay Espiritu. At ang unang tao, na nilikha Niya, ay espiritung tao, at siya ay nasa larawan at wangis ng Diyos.

⁴⁸ At saka Niya inilagay sa laman ang taong ito, at nahulog ang tao. Kaya nang magkagayo’y bumaba ang Diyos at napasa larawan ng tao, upang matubos Niya ang nahulog na taong iyon. Iyan ang tunay na kuwento ng Ebanghelyo, sa akin—sa pananaw ko.

⁴⁹ Ngayon, ang Diyos, sa loob ng anim na libong taon, ay nagtanim ng lahat nitong napakagagandang mga binhi, o binigkas Niya ang Kanyang Salita. “Ito’y magiging *ganito*. Ang punong *ito’y* magiging *ganito*. *Ito’y* magiging *ganito*.” Sakdal ang lahat ng bagay. Puro ito mabuti. At inutusan Niya ang bawat isa sa mga binhing iyon na sila ay magiging, babaguhin ng mga iyon ang sarili nila tungo sa pagiging halaman na may uri ng buhay

na binigkas ng Salita ng Diyos sa mga ito upang maging gayon ang mga ito. Kung 'yon ay punong ensina, mag-uusbong 'yon ng isang ensina. Kung 'yon ay isang palma, mag-uusbong 'yon ng isang palma.

⁵⁰ Dahil, isinugo na ng dakilang Manlilikha ang Kanyang Salita, at naroon na ang binhing Salita bago pa man magkaanyo ang totoong binhi. At inanyuan ng Salita ang binhi. Kita n'yo, "Nilalang Niya ang sanlibutan mula sa mga bagay na hindi nakikita." Kita n'yo, Siya—nilikha Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Binigkas ng Diyos ang pagkakalikha ng lahat ng bagay.

⁵¹ At bilang Diyos, ang Manlilikha, sa pagbigkas sa lahat ng mga bagay sa pagkakalalang, iyon marahil ay isang sakdal na daigdig. Iyon ay isang—isang magandang lugar. Iyon ay isang—isa talagang tunay na paraiso dito sa lupa.

⁵² Ngayon, gaya nga ng, ang bawat lugar ay kailangang may isang himpilan sa kung saan. Ang kombensiyong ito'y may isang himpilan, at ang sangay na ito'y may isang himpilan, at ang isang iglesya'y may isang himpilan. At may isang himpilan ang Diyos. At kaya ang malaking lugar na ito, ang bansang tinatahanan natin, mayroon itong isang himpilan. At gayun din itong malaking Eden ay mayroong isang himpilan, at ang himpilan nito'y tumutumbok sa halamanan ng Eden, o sa Eden, sa silangan ng halamanan.

⁵³ At inilagay ng Diyos sa ibabaw nito, upang pamahalaan ang lahat ng Kanyang kahanga-hangang nilikha dito sa lupa, ang Kanyang anak at ang nobya ng Kanyang anak, sina Adan at Eva.

⁵⁴ Ang Diyos ay ang Ama ni Adan. "Si Adan ay isang . . . ang anak ng Diyos," ayon sa Mga Kasulatan. Siya ang anak ng Diyos.

⁵⁵ At ginawan siya ng Diyos ng isang katuwang, mula sa kanyang sariling katawan; marahil ay isang tadyang mula sa banda roon sa kanyang puso, upang maging malapit ito sa kanya, at ginawan siya ng isang katuwang. Hindi pa niya talaga ito asawa, gaya ng hindi pa rin naman siya ang asawang lalaki nito; binigkas pa lamang Niya ito. At doon na dumating ang problema, nasumpungan ito ni Satanas bago pa man ni Adan. Kaya, Salita pa lamang Niya ito na binigkas Niya.

⁵⁶ Sinasabi ko iyon, ayaw kong gumugol ng napakahabang oras tungkol dito. Pero baka medyo malito ang iba sa inyo, lalo na ang ilang mga tao doon sa—doon sa Timog, na para bang medyo nalilito, tungkol sa Mensaheng mayroon ako mula sa Diyos ngayon, para sa mga tao, 'yung tungkol sa binhi ng serpiyente. At uuwi ako, kung loloobin ng Panginoon, isa sa mga araw na ito, sa Jeffersonville. Gusto ko ng mga anim na oras na mensahe, at ituwid ang lahat ng mga iyon, kita n'yo, para mailagay na ito nang sadyang nasa ayos na mauunawaan n'yo kung ano ang ipinapangusap namin. At ito'y GANITO ANG

SABI NG PANGINOON. Sadyang kasing tunay ito noong makita Nito si Kapatid na babaeng Florence bago siya pumanaw, mga ilang taon na. Kita n'yo, Ito'y ang Katotohanan. At ngayon, tayo, namali marahil ng pagkaunawa dito.

⁵⁷ Kung may lalapit sa akin, isang bagay na taliwas, ako man ay tila ba magkakamali ng pagkaunawa dito, mismo. Hindi ko gugustuhing mamuna ng sinasabi ninuman. Hindi tayo para punahin ang isa't isa. Hindi ako nagkasala sa paggawa niyan; nagpapasalamat ako sa Panginoon. Pinuna ko ang kasalanan at kawalan ng pananampalataya; subalit hindi ang isang indibidwal na tao, kita n'yo, ako—ako'y hindi. Tayo ay—tayo'y magkakapatid na lalaki at babae, na mga nagsisikap, papunta na tayo sa kung saan nagtungo si Kapatid na babaeng Florence kahapon ng umaga, kita n'yo. Siya, tayo, lahat tayo'y tiyak na patungo sa ganoong direksyon. At hindi ko layunin na—na subukang punahin ang isang kapatid na lalaki o kapatid na babae na hindi sasang-ayon sa iyo. Hindi, malayo nawang mangyari sa aking gawin iyon! Sa palagay ko'y hindi kayo makakakita kailanman ng isang teyp kung saan siniraan ko ang pangalan ng kahit sino. Na, maraming beses kong nadama na mali ang taong iyon, pero sa pagitan na nila iyon at ng Diyos. Ngunit kung ano ang mali, sa paraan ng kasalanan at... At ang pagkakamali ng pagkaunawa kung minsan ay hindi naman pagkakasala, ito'y mga pagkakamali lamang sa pagkaunawa ng mga tao. At ako—sa palagay ko'y may karapatan ang bawat isa sa atin na ipahayag ang sarili natin sa ating pagkakaunawa.

⁵⁸ Ngayon inilagay nitong dakilang Manlilikha ang Kanyang nilikhang anak. Ngayon, si Adan ang Kanyang unang nilikhang anak. Si Jesus ang ipinanganak Niyang *bugtong* na Anak, kita n'yo, ipinanganak Siya sa pamamagitan ng isang babae. Ngunit direktang nagmula si Adan sa kamay ng Diyos, sa paglalang.

⁵⁹ Ngayon ang himpilan, na ang Kanyang—Kanyang anak at ang nobya ng Kanyang anak na namamahala sa lahat, napakasakdal nitong tingnan. May isang—isang lalaki, ang ulo ng lahat ng ito, ang Kanyang Sariling anak at ang nobya nito.

⁶⁰ At ang bawat binhi noon ay sakdal, ang mga palma, at ang mga ensina, at ang damo, at ang mga ibon, at ang mga hayop. At nasa wastong kaayusan ang lahat sa Utos ng Diyos, na “Huwag babaguhin ang inyong kalikasan. Magsipamunga ng kauri nito, bawat binhi! Ensina, huwag ka kailanmang magkakamaling maging isang puno ng pawpaw.” Kita n'yo? “Palma, huwag kang magkakamaling maging kung ano pa. Kundi bawat binhi ayon sa kanyang uri!” At Kanyang—Kanyang binantayan iyon sa pagdaan ng mga panahon.

⁶¹ At binigkas Niya ang Salita. At inanyuan ng Kanyang dakilang Kapangyarihang makalikha ang nagsilitaw na mga bagay na ito, at maging ang lalaki at babae. At sila ang ulo

dahil sila ang. . .sila ang pinakahigit sa lahat ng iba pang mga lahi. At inilagay rin Niya sila sa ilalim ng pangangalaga ng siya ring bagay na pinaglagyan Niya sa mga puno, mga hayop, at iba pa: ang Kanyang Salita. Hindi nila dapat kailanman, sa anumang paraan, labagin ang Salitang iyon. Dapat silang manatili Doon. “Huwag kailanmang mag-aalis ng anuman mula Rito, o magdaragdag ng anuman Dito! Kinakailangan ninyong mabuhay sa pamamagitan ng Salitang ito.”

⁶² At hangga’t nanatili ang sangnilikhang iyon nang ganoon, hindi na sana kinailangan pa ni Kapatid na babaeng Shakarian na lumisan sa umagang ito, hangga’t nanatili ito nang ganoon, sa dakilang kapamahalaan ng Diyos! Ito ang pinaniniwalaan nating tinatahak natin pabalik. Pabalik na tayo sa dakong iyon, sa lugar na iyon.

⁶³ Kung saan nang ikapitong umagang iyon, nang masdan ng Diyos ang lahat ng ito, at sinabi Niya, “Ito’y mabuti. Ako—nalulugod Ako dito. Oo, Ako—Ako—nagagalak Akong ginawa Ko ito. At nasa ilalim na lahat ito ng pamamahala ngayon. At ipinagkatiwala Ko na sa Aking anak at sa kanyang asawa, na—na babantayan nga nila (gagawin silang ulo ng lahat ng ito), na kanilang babantayan ang lahat ng ito at titiyaking maayos ito, na magsisipamunga ang lahat ng kauri nito. May kapangyarihan siya ngayong gawin iyon.” Saka sinabi ng Diyos, “Buweno, kung napakabuti na ng lahat ng ito, at hindi na ito magiging kung ano pa mang iba, dahil Sarili Ko na itong kagustuhan. Ganito ang gusto Ko rito. At binigkas Ko ito sa ganoong paraan, at pinalitaw ito ng Aking Mga Salita nang tumpak sa paraang gusto Ko rito. At hayan na ito. Mabuti itong lahat!” Kaya ang sabi ng Biblia, “Nagpahinga ang Diyos nang ikapitong araw, sa lahat ng Kanyang mga gawa.”

⁶⁴ At nasa kapamahalaan ang lahat ng bagay, upang magsisipamunga ng kauri nito. Ngayon alalahanin, “magbunga.” Nang ilagay Niya ang binhi sa lupa, tutubo lamang ang binhi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng buhay na nasa loob nito, upang baguhin ang anyo nito mula sa isang binhi patungo sa isang halaman, o kung ano man ito. Ang Kanyang nakapagpapabagong kapangyarihan! Ngayon, inilagay ng Diyos ang binhi doon, na taglay ang mga potensyal na ito’y magiging ayon sa kung ano ang Kanyang sinabing magiging ganoon ito. At hangga’t nananatili ito sa tamang kategorya nito, magiging tumpak ito sa kung ano ang sinabi ng Diyos na magiging ganoon ito. Kinailangan nitong maging ganoon, dahil ginawa Niya itong ganoon, at gumawa ng isang daluyan. Na, anumang bagay na nananatili sa Kanyang daluyan, sa linya ng Kanyang Salita, ay kakailanganin nitong magbunga ng katulad na katulad ng sinabi ng Kanyang Salita na gagawin nito. Hindi ito makakaalis doon. Nasa tumpak na daluyan ito. Kaya, sa pagkatiwala ng lahat ng bagay sa Kanyang Sariling anak, na magiging ganoon

ito, nang magkagayo'y sinabi ng Diyos, "Mabuti ang lahat ng ito, kaya magpapahinga na lamang Ako. At may kapangyarihan sa sarili nito ang bawat isa sa mga binhing iyon, upang mabago ang sarili nito patungo sa uri na nais Kong magiging ganoon ito. Maging ganoon dapat ito, dahil pinagkalooban Ko ang bawat binhi ng kapangyarihang makapagbago, upang gawin ang sarili nito, sa mga potensyal nito ngayon na gawin ang sarili nito nang tumpak ayon sa kung ano ang nais Kong magiging ganoon ito."

⁶⁵ Hindi kailanman nagbabago ang Diyos. Ganoon pa rin ngayon kung ano Siya noon! Determinado ang Diyos na gumawa ng isang bagay. Gagawin Niya ito. Walang kahit anong makakapigil sa Kanya. Gagawin Niya ito!

⁶⁶ Ngayon matapos nitong lahat na lubos na maisaayos at mailagay sa kaayusan, nadama ng Diyos ang katiyakan ngayon na magiging maayos na itong lahat, at pagkatapos, nang nagawa na Niya, saka dumating ang kaaway. Tatawagin ko. . . Ang Diyos ay nagbigay ng kapangyarihang makapagpabago. At tatawagin ko ang nilalang na ito, na may kapangyarihan hindi na—na muling lumikha, kundi aking. . . May kapangyarihan siyang manira, hindi makapagpabago; kundi manira. Ngayon, anumang bagay na sira na ay inalis mula sa orihinal nitong kalagayan, may kung anong bagay na namali dito.

⁶⁷ Mga ilang taon na ang nakakaraan, habang nagpapatrolya, na binabaybay ang mga taniman ng mais, naiisip ko ang tungkol sa, may isang sanga roong natanggal mula sa isang puno, at nahulog sa ibabaw ng isang tangkay ng mais. At sinisikap ng tangkay ang buong makakaya nito na makabangon nang direktso na gaya ng siyang nararapat sana rito, pero nasira ito dahil may kung anong nangyari. At nakadagan dito ang naturang piraso ng kahoy.

⁶⁸ Pagkatapos ay makikita natin ang isang ligaw na baging sa bukid. Na, marami sa inyong mga kalalakihang naririto, at marahil ay ilan sa inyong mga kababaihan. . . kung taga-Kentucky kayo. Ang mga kababaihan ay gumagamit din ng asarol doon gaya ng isang lalaki, pumupunta sa bukid na may—may asarol, na tinatawag naming lumang gooseneck na asarol, at pinuputol ang—ang mga baging. Dahil, kapag hindi ninyo inalis ang mga baging na iyon, kung saan nakahanay ang mais, nang *paganito*, kung gayo'y gagapang ang baging na 'yon, kakapit doon sa mais, at anti-unting ipupulupot ang sarili nito, nang napakadali, napaka palihim, na hindi mo halos masasabing pumupulupot na ito. At hanggang sa tumibay ito nang tumibay, at hahatakin nito ang mais na 'yon hanggang sa masira ito. Hahatakin ito pakabig sa sarili nito, ipupulupot ito sa sarili nitong baging; sinisira ito mula sa kung ano ito dati, patungo sa kung ano pa. Gayun pa man mais ito, pero ito'y napinsala nang mais.

69 At nananatili pa rin tayong lahat sa larawan ng Diyos. Ngunit labis nang napinsala ang iba, bilang mga anak ng Diyos, na lumalakad nang taliwas sa Kanyang Salita, at sa daan na—na ipinagkaloob Niya sa atin at inilaan para lakaran natin. Naglalagay ng kung anong bagay, pinipilipit tayo ng sanlibutan palihis ng daan, hinihila tayo palapit dito, at palayo naman doon sa tuwid at makitid na lupang pinagtamnan Niya sa atin, upang maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Ginawa ng kasalanan ang masamang bagay na ito sa mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos.

70 Ang maninira! Alam kong parang medyo kakaibang magsalita patungkol dito sa ganitong paraan, “upang—upang manira,” subalit iyon nga siya; nanira siya, o nangbaluktot. Ang *baluktutin* ay nangangahulugang “baguhin ang kabuuan, gawing ibang bagay.” At ganoon rin ang *sirain*, na dinala ito at sinira, at “iniba.” Ito ang siya pa ring binhi gayun pa man, pero sira na ito.

71 Ngayon natuklasan natin na ang maninirang ito ay nagkaroon din ng panahon, upang manira, na katumbas ng panahon ng Diyos para makapagpabago. Ngayon itinanim niya ang kanyang binhi, o, hindi kailanman nagtanim ng kanyang binhi, siya . . . sa halamanan ng Eden. Mula nang panahong iyon, nagkaroon siya ng anim na libong taon ng pagsira sa Binhi ng Diyos, ang Salita ng Diyos; upang sirain Ito, gawin Itong ibang bagay; nang siya . . . nang unang beses na makinig sa kanya si Eva, at makuha ang babae sa isang munting parirala lamang.

72 Alalahanin, binanggit muna ni Satanas ang Kasulatang iyon nang talagang napakalinaw, “Sinabi ba ng Diyos na, ‘Huwag kayong kakain mula sa bawat punongkahoy sa halamanan ng Eden?’” Kita n’yo? “Na huwag kayong kakain mula sa bawat punongkahoy?”

73 At alalahanin ngayon, sabi ni Eva, “Oo, mula sa lahat ng punongkahoy ay makakakain kami; ngunit ang punongkahoy na nasa gitna ng halamanan, ni hindi namin ito dapat hipuin.” Ngayon masdan siya, sa kanyang mensahe, na pinilipit lang nang kaunti ang Salitang iyon. Sa pagsasabing . . . Sabi ni Eva, “Sapagkat sinabi ng Diyos, na, kung gagawin namin ito, ay ‘mamamatay’ kami sa araw na iyon.”

74 Sabi niya, “Oh, tiyak na hindi kayo mamamatay.” Kita n’yo, siya ay isang—isang lalaki, sabi niya, “Kayo, gawin n’yo ito ngayon. At, kayo, may pagkamangmang kayong mga tao. Kayo, talagang, hindi ninyo alam ang lahat ng mga bagay. Ngunit kung makikibahagi lamang kayo nito, kung gayo’y magkakaroon kayo ng karunungan, magkakaroon kayo ng kaalaman. Makikilala ninyo ang tama at mali at magiging parang mga diyos, kayo, kung makikibahagi lamang kayo sa karunungan ito na mayroon ako. Alam ko, pero kayo’y hindi.”

⁷⁵ Na, ayos lang naman na magkaroon ng karunungan. Subalit kung taliwas ang karunungan, kung ang karunungan ay hindi tamang karunungang galing sa Diyos, Banal na karunungan, at magiging natural na karunungan; wala akong pakialam kung gaano mang siyensiya ang mayroon tayo, at kung anu-ano pa, o edukasyon, ito’y sa Diablo. Patutunayan ko ito sa inyo, kung loloobin ng Panginoon, sa ilang sandali. Sa Diablo ito.

⁷⁶ Ang sibilisasyon ay sa Diablo. Katatapos ko lamang ipangaral ang tungkol diyan. Ang lahat ng kultura sa lupa, ang lahat ng mga kapangyarihan ng siyensiya, at lahat na, ay sa Diablo. Ito ang kanyang ebanghelyo na ipinangaral niya, ng kaalaman, sa halamanan ng Eden. At ginamit niya ang kaalamang iyan, likông kaalaman, na taliwas sa Salita at kalooban at plano ng Diyos. At ngayon nga ay nagkaroon na siya ng anim na libong taon para eksaktong gawin ang mismong ginawa ng Diyos, sa likông paraan nga lamang, at gumugol ng katumbas ding panahon upang maipasok ang sarili niyang Eden. Ngayon ay mayroon na siyang Eden dito sa lupa, at puspos ito ng karunungan, kaalaman. Iyon ang ebanghelyo niya sa pasimula, kaalaman, karunungan, siyensiya. Hindi kailanman nagkaloob ang Diyos ng ganoon. At ako—gusto kong pagmasdan ninyo sandali. Ginawa niya ito, at dahil sa isa siyang nilalang na may makasanlibutang karunungan.

⁷⁷ Ngayon, mahirap sabihin ang ganito. Ito’y—napakahirap nito, dahil sa nagsasalita ako sa mga taong nadarama ang nararamdaman ko rin, at kung ano ako sa loob ng maraming taon. Subalit mula nang pagbubukas ng Pitong Tatak na iyon, ng Mga Anghel na iyon na naroroon lang sa kabila ng bundok, ay naging bagong Aklat na *Ito*. Ito ay ang mga bagay na matagal nang naitago, ay naihahayag na gaya ng ipinangako ng Diyos sa Apocalipsis 10, na gagawin Niya ito. At tayo ang mga pinagpalang tao na pinili ng Diyos, sa lupa, upang makita at maunawaan natin ang mga bagay na ito; na hindi isang mahiwagang, makalamang pag-iisip ng isang taong sumusubok na gawin ito. Ito’y ang Salita ng Diyos na nahayag, napatunayan, na Ito’y tama. Napatunayan, hindi sa pamamagitan ng siyensiya; kundi sa pamamagitan ng Diyos, na Ito’y tama. Ang Diyos, gaya nga ng sinabi ko dati sa isang mensahe, hindi kailangan ng Diyos ng kahit sino upang ipaliwanag ang Kanyang Salita. Siya ang Kanyang Sariling Tagapagpaliwanag. Sinasabi Niyang mangyayari ito, at nangyayari nga ito. Iyon ay, Kanyang—kinukumpirma Niya ito, iyon na ang nagpapaliwanag nito.

⁷⁸ Ilang taon na ang nakakaraan nang, tayong mga taong pentecostal, nang ang—nang sabihan tayo ng ibang mga iglesya na mga “baliw” daw tayo, na ating “hindi magagawa, na ang Banal na Espiritu ay isang bagay nang nakalipas.” Subalit nalaman natin na ang pangako ng Diyos ay para sa sinumang

magnais, at ngayo'y mas alam na natin ang kaibahan. Kita n'yo, at iyon ay unti-unti lamang, na nabuksan ang bagay na ito.

⁷⁹ At ngayon ipinangako Niya na ang mga hiwaga na natago sa mga iyon, sa lahat ng naturang mga kapanahunan ng iglesya, ay ihahayag mismo sa huling panahon. At ipinaaalam na Niya sa atin ngayon. Nasa huling panahon na tayo. Narito na tayo ngayon.

⁸⁰ Ngayon, si Satanas ang may-akda ng sibilisasyon. Siya ang may-akda ng siyensiya. Siya ang may-akda ng edukasyon.

Sasabihin n'yo, "Totoo ba 'yon?"

⁸¹ Sige, basahin na natin sa Salita ng Diyos ngayon, ang Genesis 4, at balikan natin at tingnan lang saglit. Alam kong baka ako, kung mapahaba ako, sasabihin naman marahil ni Kapatid na Carl sa akin. [Sinasabi ng isa, "Ayo lang."—Pat.] Subalit, Genesis, ang ika-4 na kabanata, at ang ika-16 na talata, sinasabi sa pagpapatuloy dito, sa pasimula, kung ano ang ginawa ng Diyos nang sa gayon, ay mailagay ang sumpa sa lalaki at sa babae, at lahat ng gagawin nila; at hindi naman ang *sumpa* sa kanila, kundi ang sabihin sa kanila kung ano ang mangyayari, at sinumpa ang lupa dahil kay Adan. At natuklasan natin dito ngayon, na nagkaroon si Eva ng anak na kambal. At mula kay Satanas ang isa sa kanila, at ang isa naman sa kanila ay mula sa Diyos.

Ngayon sasabihin n'yo, "Oh, hindi! Hindi. Naman, Kapatid na Branham!"

⁸² Sandali lang. Hanapan n'yo ako ng isang Kasulatan, kahit saan, na nagsasabing anak ni Adan si Cain. Ipapakita ko sa inyo sa Kasulatan kung saan Nito sinasabi, "Si Cain ay doon sa masama," hindi kay Adan.

⁸³ Ngayon pansinin nang maglihi siya dito. Magsimula tayo sa ika-4 na kabanata, muna.

At nakilala ni Adan . . . ang kaniyang asawa; at siya'y naglihi, at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak ako . . . sabi niya ha, Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng PANGINOON.

⁸⁴ Siyempre, kailangan nitong maging ganoon. Kahit patutot pa ito o kung ano man, kailangang manggaling ito sa Diyos, kita n'yo, dahil binhi Niya iyon, batas iyon ng Kanyang binhi, kailangan nitong magbunga kahit pa sirang binhi ito, masamang binhi, o kahit ano pa ito. Kailangan nitong magbunga, pa rin. Utos Niya ito.

At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel.

⁸⁵ Hindi na siya nakilala pa. Nakilala ni Adan ang asawa niya, at ipinanganak nito si Cain at ipinanganak din si Abel, kambal.

Kasama nito si Satanas nang umagang iyon, ni Adan naman kinahapunan.

⁸⁶ Nakita n'yo 'yung malaking usap-usapan sa pahayagan dito, sa palagay ko, sa Tucson ngayon, tungkol doon sa babaeng isinilang ang isang itim na sanggol at isang puting sanggol, nang sabay. Nakisama siya sa kanyang asawa nang umagang 'yon, at doon naman sa lalaki noong hapong iyon. At aalagaan nung lalaki, sinabi nung lalaking puti na aalagaan niya ang sarili niyang anak, pero dapat na 'yung lalaking itim ang mag-alaga sa sariling anak nito. Kita n'yo? Alam ko na, sa pagpapalahi ng mga aso at ng iba pa, talagang nangyayari ito, kung ito'y sa loob ng ilang oras lang pagkatapos. Pinatutunayan nito ito.

⁸⁷ Ngayon para maipakita kung saan nanggaling ang sibilisasyon, ngayon basahin natin ang Genesis banda rito, sa ika-4 na kabanata ng Genesis muli, at tingnan kung saan. Ang ika-16 na talata.

At umalis si Cain sa harapan ng Diyos, at tumahan sa lupain ng Nod, sa silanganang bahagi ng Eden.

At nakilala ni Cain ang kaniyang asawa; at siya'y naglihi, at ipinanganak si Enoc: at siya'y nagtayo ng isang bayan, at tinawag ang bayan, ayon sa . . . kaniyang anak, Enoc.

⁸⁸ Nagsimula ang sibilisasyon. Si Doktor Scofield, dito sa Bibliang Scofield ko, sinasabi nito, "Ang unang sibilisasyon." Pansinin, pagkatapos ay nagkaroon siya ng mga anak na lalaki, at gumawa sila ng mga organo at musika. Ang kasunod naman ay nagkaroon ng mga anak na lalaki, at nagsimula siyang gumawa ng ibang mga bagay, mga kamangha-mangha, nagtayo ng mga bayan, at—at gumawa ng mga kagamitang tanso, at lahat ng sari-saring mga bagay. Kita n'yo, ganoon ang ginawa niya, naging unang sibilisasyon, na kay Cain. Ganoo't ganoong bagay ang ginawa niya sa loob ng mga kapanahunang nagdaan.

⁸⁹ Ngayon magtungo tayo doon sa ika-25 talata, at masdan kung ano ang kasunod.

At nakilalang muli ni Adan ang kaniyang asawa, ngayon, at nanganak ng isang lalake, at tinawag ang kaniyang pangalan na Set: Sapagka't ang Dios, aniya, ay binigyan ako ng ibang anak na kahalili ni Abel na pinatay ni Cain.

At si Set. . . At nagkaanak naman si Set ng isang lalake; at tinawag ang kanyang pangalan na Enos: at noon ay pinasimulan ng mga tao ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON (mula sa panig ni Set, hindi sa panig ng mga kay Cain).

⁹⁰ Kita n'yo, ang dakilang intelektuwal na 'yan na talaga namang pinangungunyapitan nating lahat! Ano ang komunismo

sa panahon ngayon, ano ang diyos nila? Ito'y ang intelektuwal, ang siyensiya. Ano ba ang ginagawa natin, kung tutuusin? Saan tayo nabubuhay? Pagnilay-nilayan n'yo ang mga salitang ito ngayon.

⁹¹ Ngayon ay may sarili na siyang uri ng Eden, mayroon na si Satanas ngayon. Sa loob ng anim na libong taon na ito, ay nakagawa siya (hindi lumikha), kundi, sinira ang buong daigdig ng Diyos; ang kanyang mga nilalang, ang mga hayop, pagsasama ng magkaibang lahi, paghahalong-lahi; mga punongkahoy, mga halaman, tao; maging sa relihiyon, ang Biblia, iglesya; hanggang sa magkaroon na siya ng isang kumpletong halamanan ng Eden niya, ng siyensiya, na ang lahat ng bagay ay kumikilos sa pamamagitan ng siyensiya. Ang mga sasakyan natin, lahat ng bagay na mayroon tayo, ay ibinigay sa atin ng siyensiya, ng kung ano ang ginawa ng tao. At inilagay niya ang dakilang Eden niya dito; upang patunayang napapanahon ang Mensahe, upang patunayan na hindi ito kung anong ibang panahon kundi ang Apocalipsis 10! Tingnan ang paghahalong-lahi ngayon, para makagawa ng isang higit na mabuti, o, higit na maganda, hindi isang higit na mabuti. Tingnan ang mga mumunting bata ngayon.

⁹² Dinala ko sa dentista ang anak kong babae, kahapon, at sabi nito'y nasusungki ang ngipin niya. Isang kapatid doon sa Tucson, si Kapatid na Norman, dinala ang maliit na anak niyang babae, at 'yung ngipin nito'y umuusli na. At sinasabi ng dentista na hindi magtatagal, naniniwala siya, na maaaring sa mga darating na panahon, na ipapanganak ang mga tao, na ang mga ngipin ay tumutubo na lang sa kahit anong paraan. Iyon ay nasa pagkain na kinakain natin, hybrid na pagkain.

⁹³ Nabasa n'yo ba ang Reader's Digest, noong nakaraang buwan, ang tungkol kay Billy Graham, ang marangal na ebanghelista? Nakikinig ba kayo sa kanya? Mas ipinapanalangin ko siya ngayon nang higit kailanman. Nang kausapin niya 'yung mga nakabaliktad ang kuwelyo, at iba pa, noong nakaraang gabi, na inilalahad ito sa mga paring iyon. May kung anong nangyari sa kanya. Isa sa mga araw na ito, hangad kong makita niya ang katayuan niya kung nasaan na siya, pansinin, tumatawag na ngayon mula sa Sodoma, ang masamang bayang iyon. At pansinin ito ngayon sa Reader's Digest, labis nang nanghina si Billy na ni hindi na niya maidaos ang mga pagtitipon niya. At sinabi nila sa kanyang kailangan niyang tumakbo, mag-ehersisyo, at iba pa. Kaya tumatakbo siya ng isang milya kada araw, sa palagay ko'y ganoon nga, o parang ganoon, para makapag-ehersisyo.

⁹⁴ Bulok na ang tao. Nasira na ang buong lahi ng tao. Ang lahat ng bagay ay kagaya na noong panahon bago ang paggunaw sa pamamagitan ng baha. Lubos na itong bumaliktad, tumalikod na, lumihis na mula sa tuwid na hanay na pinagtamnan sa

kanila ng Diyos. Ang kasalanan, sa pamamagitan ng siyensiya at panlilinlang, ay binaluktot na ang buong lahi ng tao.

⁹⁵ Nabasa n'yo rin ba sa ibaba lang ng artikulong 'yon, kung saan sinabi nito, "Sa mga araw na ito, na nasa kalagitnaang gulang na nila ang mga mumunting mga kabataang babae at lalaki, ayon sa pisikal na pangangatawan, sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't limang taong gulang." Isipin n'yo nga iyon.

⁹⁶ Sa pagkilala noong isang gabi, napag-alaman ko ang isang dalawampu't dalawang taong gulang na babae, na nagmenopause na, tinawag siya. At ganoon nga ang sinabi sa kanya ng doktor niya.

⁹⁷ Kita n'yo, ito'y isa nang lugmok, na papasama na nang papasama, patungo na sa impiyerno na lahi ng kabulukan. Alam kong hindi etikal na pakinggan 'yan. Pero ayon ito sa Biblia, kita n'yo, na totoo ito; at itong lahi na kinabubuhayan natin, itong henerasyon ng mga tao.

⁹⁸ Ngayon pansinin sa panahon ngayon, pinaghahalo ang lahi ng mga baka, pinaghahalo ang lahi ng mga halaman; at saka biglang babaling ang siyensiya, ang siyensiya ring gumawa nito, ay nagsasabi, "Iyan ang sumisira sa buong lahi ng tao." Nabasa n'yo rin itong gaya ko. Buweno, bakit hindi nila ito itigil? Dahil sa hindi nila ito kayang itigil. Sinabi ng Salita ng Diyos na magiging ganoon nga ito. Pero kung mag-iisip-isip lang sila sandali, sila ang mga kasangkapan, gaya ni Judas Iscariote, na ginagampanan nang tumpak ang bagay na sinabi ng Diyos na mangyayari. Ginagawa nito ito nang sadyang tumpak sa kanilang sariling batayan ng siyensiya.

⁹⁹ Sa pamamagitan ng kanyang siyentipikong pananaliksik, sa ganoon ding pamamaraang ipinandaya niya kay Eva, ay dinaya niya rin ang iglesya, na doon ay isang tipo si Eva. Ngayon, ngayon itinitipo na namang muli doon ni Adan, o ni Eva, pala, ang iglesya, pansinin kung ano ang ginawa nito. Dahil sa paghahanap ng kaalaman, palihis siyang tumawid ng linya sa pagitan ng tama at mali, sa pakikinig sa pagbabaluktot ni Satanas, o sa paninira, sa orihinal na Salita ng Diyos.

¹⁰⁰ At ngayon ang mga iglesya sa panahon ngayon ay nangasira na. Ngayon hindi ko tinutukoy ang mga tao, ang mga indibidwal. Ako'y nangungusap tungkol sa mundo ng iglesya. Ang isa'y napilipit sa isang panig, at ang isa nama'y napilipit sa isa pa, at, sa pamamagitan ng siyensiya. Sa gayon ding pamamaraang ginawa niya. Isinagawa na niya ang kanyang banta, ni Satanas, patungkol sa Isaias 14:12.

¹⁰¹ Basahin lamang natin 'yan saglit. Sa Aklat ni Isaias, simulan natin sa ika-14 na kabanata, ika-12 talata.

Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh Lucifer, anak ng umaga! paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa!

Ito'y noong nakita siya ni Isaias sa isang pangitain, kita n'yo, sa kapanahunang darating.

At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios: at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, . . . sa mga kadulu-duluhang bahagi sa hilagaan:

¹⁰² Ang layunin ni Satanas, mula pa sa Eden, ay ang gawan ang kanyang sarili ng isang Eden; at itaas ang sarili niya, upang sambahin siya ng mga bituin ng Diyos, sambahin siya ng mga anak. At talagang naisakatuparan na niya ito ngayon, at kung kailan nagawa niya ito at ipinasok ito sa iglesya. Na, hindi ko na idedetalye pa. Alam na ito ng sinuman sa inyo na nakikinig sa mga teyp na iyon. Na, iyon na mismo ang panahon na kinabubuhayan natin, at si Satanas ang gumawa nito sa pamamagitan ng programang pang-edukasyon, 'yung mas akma, mas mainam na *ganito*, mas mainam na *ganyan*. At hindi nalalaman, sa tuwina, na naglalakad mismo silang direktso sa kamatayan. Mga nabubulagan, na nag-aakay ng bulag, nabubulagang mga pinuno ng mga bansa, nabubulagang mga pinuno ng siyensiya, bulag na mga pinuno ng iglesya, bulag na nag-aakay ng mga nabubulagan. Sabi ni Jesus, "Pabayaan ninyo sila, kapwa silang mahuhulog sa hukay."

¹⁰³ Pansinin dito ang tipo ng dalawang Eden na magkatipong-magkatipo sa isa't isa, hanggang sa halos madaya na ang mismong Hinirang. Sinabi ng Mateo 24:24 na magiging ganoon ito. Subalit gusto kong huminto tayo nang ilang sandali at pag-aralan itong dalawang Eden, at lalo na ang isang bagay, kung papaanong sinasabi sa atin ng Biblia na nilikha nga ng Salita ng Diyos ang Eden na iyon, at kung papaano tayo binababalaan ng Salita ng Diyos na darating ang isa pang Eden.

¹⁰⁴ Ngayon, alam rin nating tiyak na may isa pang Eden, kung makikinig rin tayo sa propeta, na si Pablo, sa ika-2 kabanata ng Ikalawang Mga Taga-Tesalonica. Maaari ko itong basahin kung gusto ninyo.

Siya na itinataas ang kanyang sarili; ang araw na iyon ay hindi darating, ng Panginoon, hanggang sa mahayag ang tao ng kasalanan, . . .

. . . siya na nauupo sa templo ng Diyos, na nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios, anopa't siya bilang ang kunwa'y Diyos ay sinasamba na tulad ng Diyos.

¹⁰⁵ Isipin n'yo nga iyon! Ngayon sa Isaias 14, sinabi ng propeta na nakita niya "si Lucifer, sa puso nito," sa pamamagitan ng

isang pangitain sa ilalim ng pagkasi ng Diyos, “na nagsasabing gagawin nito ang gayon.” Sa Isaias, walong daang taon bago si Pablo, o tinatayang ganoon.

¹⁰⁶ Ngayon dito, pagkaraan ng walong daang taon, nakita siya ni Pablo, na dumating na sa kanyang posisyon. Pansinin, tinutumbok nito, ang Eden niya; ang makasiyensiya niyang Eden, na kasama ang kanyang makasiyensiyang sanlibutan, kasama ang isang makasiyensiyang nobyang-iglesya, na ang lahat ay nasa ilalim ng—ng salitang “kaalaman,” naglalakihang mga seminaryo, mga bigating titulo, mga programang pang-edukasyon.

¹⁰⁷ Makinig, kapatid na lalaki, kapatid na babae, tatahakin ng bawat isa sa atin ang daang iyon na tinahak ni Florence. Hinihiling ko sa inyo, sa Pangalan ni Jesus, na isaalang-alang Ito. Hindi na ako ang isinasaalang-alang. Kapatid n’yo ako. Iyan, hindi iyan ’yon. Isaalang-alang ang Salita na ipinapangusap ko, ng Biblia ng Diyos. At tingnan nang lubusan, na pinatutunayan nang tugmang-tugma sa Sariling Salita ng Diyos, sa kapanahunang kinabubuhayan natin, kung nasaan na tayo.

¹⁰⁸ Ang mga programang ito ay ganap na anticristo, ang mga ito mismo. Ngayon, kinakailangan niyang magkaroon ng Eden, sinabi niyang gagawin niya ito. Narito ang simpleng Salita ng Diyos na nagsasabing gagawin nga niya iyon, at heto tayong nakatunghay mismo at nakikita siyang ginagawa ito. Nagawa na niya ito sa pamamagitan ng kanyang intelektuwal, makasiyensiya, makadenominasyong nobya. Mamumuno siya, isa sa mga araw na ito, sa isang World Council of Churches na itatatag. Makakasama niya ang lahat. Sinusubukang . . .

¹⁰⁹ Ang mga tao, hindi dahil sa masasama silang tao; itinanim sila sa tuwid na hanay na iyon, gaya ng mais, subalit itinanim ni Satanas ang mga damong baging, na tinatawag na siyensiya, pananaliksik, edukasyon, mga titulo ng pagkadoktor. Minsan pa nga ni hindi ka nila patatayuin sa pulpito malibang makapagpakita ka ng titulo ng pagkadoktor mula sa kung anong seminaryo sa kung saan. Mali lahat iyon! Hindi ang mga tao; ang programa ’yung mali. At ngayon ano ang ginawa nito? Ang lahat ng ito’y patungo na namang muli, at dinala ang buong mundo (sa pamamagitan ng isang lipon ng paghahalu-halo, pagbabaluktot sa orihinal na Binhi ng Diyos) sa isa pang pinadilim na kaguluhan.

¹¹⁰ Subalit lubos akong nagagalak na muli tayong inaalala ng Diyos, na nagagawa pa rin Niyang kumilos sa harap ng gayong kalagayan. Ipinangako Niyang gagawin Niya iyon, at tatawag ng isang munting kawan na magiging Nobya Niya.

¹¹¹ Muling pansinin dito ngayon, kung gaanong ganap na tumitipo ang mga iglesyang ito, o ang mga Eden na ito.

112 Ang Diyos, sa pamamagitan ng isang Binhi ng Kanyang Salita! At may iisang bagay lamang na makakabuhay sa Salita, at iyan ay ang Espiritu, sapagkat Ito ang Tagapagbigay-Buhay sa Salita. At kapag nakatagpo ng Buhay na nasa Salita ang Buhay ng Espiritu, ibinubunga Nito kung ano man ang Binhi.

113 Pansinin ngayon kung ano'ng nangyari. Sa halamanan ng Eden ay ang kapamahalaan ng Diyos tungkol sa kawalang malay sa kasalanan, at isa iyon sa—sa mga dispensasyon. Ang unang dispensasyon ay walang malay sa kasalanan, walang alam na kasalanan ang mga tao noon. Wala silang anumang alam tungkol sa kasalanan. Parehong hubad noon sina Adan at Eva, subalit naitago sa kanila ang tungkol sa kanilang kahubaran, sa pamamagitan ng isang lambong na espiritu sa kanilang mukha. Hindi nila alam, man lang, na hubad sila dahil tinakpan sila. Sapagkat, ang lambong ng Diyos ay nasa mismong pag-iisip nila, hindi nila alam kung ano ang tama at mali. At sila na parehong nakatayo roong hubad, ay nagpapakitang hindi pa dumating noon sa kanila ang kaalaman, kita n'yo, na hubad sila. Hubad ang mag-asawang iyon at hindi nila iyon nalalaman.

114 Ngayon kung bubuksan n'yo, kung gusto n'yo, o isulat ito, sa Apocalipsis, ang ika-3 kabanata. Inihuhula ng Espiritu Santo ang huling panahong ito, sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodiceang Pentecostal sa mga huling araw, sabi Niya:

. . . ikaw ay hubad, at bulag, at hindi ito nalalaman.

115 Naroon ang Binhi ng Diyos, na nasa ilalim ng kawalang malay sa kasalanan, na hindi man lang nalalamang hubad sila, sa ilalim ng isang lambong ng Espiritu Santo, na nilalambungan sila mula sa kasalanan.

116 At ngayon sa huling kapanahunan ng iglesya, natuklasan natin dito na hubad na naman sila, at hindi ito nalalaman. Subalit hindi ito ang lambong ng Espiritu Santo. Ito ang lambong na naipasok ni Satanas doon kay Eva noon, isang lambong ng pagnanasa, ang lambong ng pagnanasa. Napakalaswa na nila hanggang sa hindi na nila alam na hubad sila, ang mga kababaihan natin sa lansangan, na nangakasuot ng shorts, malalasang kasuotan.

117 May isang nagpadala sa akin ng isang artikulo sa pahayagan noong isang araw, tungkol sa bagong damit na ito na isusuot daw nila, sa palagay ko, labing-apat na pulgada mula sa balakang, o parang ganoon. At iniisip ko kung ang ating—kung ang mga kababaihan nati'y napagtatanto na isang lambong 'yon ng pagnanasa?

118 Ngayon inyong—sasabihin n'yo, “Kaya kong patunayan, sa harap ng Diyos, na malinis ako mula sa anumang pangangalunya sa asawa ko, o ako—ako . . . lahat nito.”

119 Subalit gayun pa man, sa Paghatol, tatawagin kang isang “babaeng mangangalunya.” Sinabi nga ng Biblia. Sabi ni Jesus, “Ang bawat tumingin sa isang babae nang may mahalay na pagnanasa, ay nagkakasala na ng pangangalunya kasama niya sa kanyang puso.”

120 “Bulag, hubad, at hindi ito nalalaman!” Hindi sila na mga kawawang munting mga babae doon; wala akong anumang laban sa kanila. Ito’y ang kasamaang iyon! At para bang bigo ang sistema ng iglesya na makita ito o tumayo laban dito; hinahayaan silang putulin ang kanilang buhok, mag-make-up, at magsuot ng shorts at kung anu-ano, sa ilalim ng pangalan ng Cristianismo. Anong kahindik-hindik na bagay ito! Kita n’yo, hubad na naman sila, sa Eden ni Satanas, at hindi ito nalalaman. Hindi nila ito alam.

121 Sa palagay ko’y nakikita ko, marahil, sa pagkakatanaw dito sa ibayo, sa palanguyan, ang kababaihang iyon na nandoon ngayon. Kung napagtatanto lamang ng babaeng iyon kung ano ang ginagawa niya, subalit hindi niya ito alam. Nakahubad siya. Sagrado ang katawan niya. Hinuhubad niya ang kasuotang isinuot sa kanya ng Diyos, ang balat, para sa henerasyong ito. Walang tigil niya itong pinaiiksi. Hubad siya, sa ilalim ng salitang “sibilisasyon, mas mataas na edukasyon, mas mainam na sibilisasyon, mas mataas na tuntuning moral.” Hayaang tiyakin kong maiintindihan talaga ito. Sa Diablo ang lahat ng ito, at wawasakin sa Pagparito ng Panginoong Jesus. Wawasakin ito, ang bawat kaliit-liitan nito. Wala ni isa mang matitira.

122 At, oh, kaibigan, sa buong bansa, habang nakikinig kayo sa akin dito sa Phoenix, isipin n’yo ang mga bagay na iyon! Narito kayong sakop sa mga iyon. Ngayon, sinabi ni Jesus na, “Ililigaw ng mga iyon ang Mga Hinirang kung maaari.”

123 Ang unang espiritu ay isang...ang unang lambong ay isang banal na lambong, Espiritu Santo, at hindi siya dapat na tumingin nang labas Doon. Ngunit nang—nang si Satanas ay magsimulang makipag-usap sa kanya tungkol sa kaalaman, sadyang kinailangan pa niyang sumilip nang kaunti sa sanlibutan.

124 At ganoon mismo kung ano ang ginawa ng anak niyang babae, ang iglesya. Kailangan ninyong makita, kailangan ninyong magsipagsuot ng katulad sa kung sinong artista sa pelikula, o ang mga kabataang lalaki ay kailangang magsiastang katulad ni Elvis Presley o—o ni Pat Boone, o—o ilan sa mga taong iyon, sa ilalim ng pangalan ng relihiyon.

125 Isang Church of Christ si Pat Boone. Isang Pentecostal naman si Elvis Presley. Dalawang taong puspos ng diablo na isinadlak ang sanlibutan sa isang mas malalang kaguluhan kaysa sa ginawa ni Judas Iscariote noon sa pagkakanulo kay Jesus Cristo. Hindi nila ito alam. Hindi ito alam ng mga batang

lalaking 'yon. Wala akong anumang laban doon—doon sa mga batang iyon, sa mga lalaki, ang espiritu ang nagtutulak rito.

¹²⁶ Humakbang ka lamang nang bahagya sa gilid na iyon, hayaan ang damong baging na iyan na makapulupot lamang nang bahagya sa talupak ng mais na iyan, nang minsan, masdan kung anong mangyayari; wala na 'yung mais. Oh, siyanga, nakuha na siya nito. At sa ganoong paraan nito gagawin iyon. Gagawin nito ito sa tuwi-tuwina. Kinailangan lang sumilip nang minsan ni Eva sa sanlibutan.

¹²⁷ At hayaang sabihin ko ang isang bagay sa inyo, kapatid na lalaki at kapatid na babae. Sa Unang Juan, ang ika-2 kabanata at ang ika-15 talata, maaari natin Itong basahin kung gusto n'yo, sinasabi ng Biblia:

... *Kung tayo ay umiibig sa sanlibutan, o sa mga bagay ng sanlibutan, ito'y dahil sa wala sa atin ang pag-ibig ng Diyos.*

¹²⁸ Ngayon, hindi *mundo* ang salitang naroon; isa itong salitang Griyego, na *kosmos*, na nangangahulugang “ang sistema ng sanlibutan.” Kung iniibig natin ang moda ng mundo, ng sanlibutan, kung iniibig natin ang kalakaran ng panahon, kung iniisip natin na “isa itong napakagandang panahon, oh, taglay natin ang lahat ng mga bagay na ito,” kung ganyan ang iniisip n'yo, ito'y dahil sa mali ang pag-iisip n'yo. Pinasama na ito ng Diablo. “Sapagkat kung iniibig n'yo ang sistema ng sanlibutan, at ang mga bagay nitong kasalukuyang sanlibutan, ito'y dahil sa wala man lang sa inyo ang pag-ibig ng Diyos.” Tandaan n'yo iyan. O Diyos! Tingnan kung ano ang tinutunghayan natin!

¹²⁹ Nais kong huminto muna dito sandali at mangusap sa inyo ng isang munting kuwento. Narinig ko ang isang kapelyan mula sa Unang Digmaang Pandaigdig. Naghagis sila ng . . .

¹³⁰ Gaya ni Satanas sa pasimula, nang pumasok siya sa halamanan ng Eden. Hindi niya mahalukay ang mga Binhing iyon. Hindi niya masira ang mga iyon. Subalit winisikan niya ang mga iyon ng lason, at sinira nito ang Binhi, hindi ito nagbunga ng tamang uri nito. Sinira nito ang orihinal na Binhi.

¹³¹ At ganoon ang lahat ng mga programang ito ng relihiyon. Mga anak na lalaki at mga anak na babae pa rin sila ng Diyos, subalit sinisira ito. Nagsisimba sila, sa pagnanais na gumawa ng tama. Hindi pumapasok ang isang madre sa kumbento para maging masamang babae. Hindi pumapasok ang isang ministro sa paaralan para lang maging isang—isang—isang masamang lalaki. Hindi kayo umaanib sa iglesya, at nakikipagkamay, inilalagay ang inyong pangalan sa aklat, o anuman na ginagawa ninyo sa inyong iglesya, para maging masamang tao. Ginagawa ninyo iyon para maging mabuting tao. Ngunit ang panlilinlang, ang pagkasira ang siyang gumagawa nito. Iwinisik ito ni Satanas. Kita n'yo? Hindi kailanman nagkaroon ng organisasyon

ang Diyos. Walang ganoong bagay saan man na masusumpungan sa Mga Salita ng Diyos.

¹³² Ang Diyos ang ating organisasyon, inorganisa tayo sa Kanya, na isang Katawan, sa Diyos, sa Langit. Tama 'yan. Naroon sa Aklat ng Buhay ng Kordero ang mga pangalan natin. Pansinin.

¹³³ Ngunit, kita n'yo, alam kong napakahirap nito, ngunit ako—nais kong magtiis pa kayo nang kaunti kung maaari sana. Sa panahon ng digmaan ng daigdig. . . Pasensya na sa paglayo sa paksa ko.

¹³⁴ Subalit para mabigyang-diin ito, ako—gusto kong ibigay sa inyo ang pag-aanalisa ko ng kung ano ang ginawa ni Satanas sa Eden: nagwisik ng isang kalagim-lagim na lasong pangwisik. Gusto n'yo bang malaman kung anong pangwisik iyon? Masasabi ko sa inyo. Nakuha ko ang sangkap nito, dalawang salita: kawalang pananampalataya, na kabaligtaran ng pananampalataya, nagwisik ng kawalang pananampalataya, pag-aalinlangan. At pinunan ng siyensiya ang lugar nito. Kung saan naroon ang butas, na napunta sa Binhi, pinunan ni Satanas ang butas na iyon ng kaalaman at siyensiya at sibilisasyon, at sinira nito ang lahat, ang buong nilikha ng Diyos.

¹³⁵ Alam kong iniisip n'yong inilalagay ko kayo sa isang kontrobersiyal na katayuan, subalit ako'y kasama ninyo sa ganyan. At narito tayong lahat upang sikaping malaman kung ano ang magagawa natin. Hindi natin sinasabi ang mga bagay na iyon para maiba. Kailangan nating maging matapat.

¹³⁶ Tayo, bawat isa, ay hahantong sa dulo ng daan, kung saan mananagot tayo sa bawat salita. Sa ngayon, alam natin na ang mga boses natin. . . Nang ipanganak tayo, ang unang munting iyak natin ay napupunta lahat sa isang teyp. Ipaparinig itong muli sa Araw ng Paghatol. Maging ang damit na isinuot n'yo ay ipapakita sa harapan n'yo, sa Araw ng Paghatol. Maging ang siyensiya ay natuklasan na iyon, sa pamamagitan ng telebisyon. Kita n'yo, hindi gumagawa ng larawan ang telebisyon, ito'y dinadaluyan lamang nito. Ang kulay ng damit, sa tuwing gagalaw kayo, ang bawat pag-iisip na nasa isip ninyo, ay tiyak na nakalista sa talaan ng Diyos. At ilaladlad mismo sa harap n'yo ang malaking bagay na iyon, ang bawat isa sa mga karumal-dumal na mga kasuotang iyon na isinuot n'yo; ang bawat pagkakataong nagpunta kayo sa barberya, pinaputulan ang buhok na iyan na ibinigay sa inyo ng Diyos. Mangyayari ito. Mananagot kayo para dito. Ni hindi kayo makakakilos doon, maging ang mga pag-iisip na nasa puso n'yo habang ginagawa n'yo ito, ay ipapakita mismo sa harap n'yo. Papaano kayo makakatakas? "Paano nga tayo makakatakas kung ating pababayaang ganito kadakilang kaligtasan?" Kita n'yo? Hindi tayo makakatakas. Ang bawat galaw, at ang mga pag-iisip ng puso, ay nakatala mismo sa ibang dimensiyon,

maging ang kulay ng damit na suot n'yo. Ang telebisyon, pinatutunayan mismo ito ng may kulay na telebisyon, hinuhugot ito at ipinapakita ito, kita n'yo, at sa isang dimensiyon lamang iyon mula sa tatlong kinabubuhayan natin. Kita n'yo?

¹³⁷ Ngayon gaanong tumama ang lason sa iglesya, tumama sa mundo! Ang lason ni Satanas sa mga Binhi, ay naglagay ng mga butas dito at naging dahilan ng pagkasira nito. Palalim nang palalim, higit pa siyang lumalalim sa mga puso ng mga iglesya, at sa mga puso ng mga tao at lahat-lahat na, siyensiya, siyensiya. Hanggang sa maging isang lugar na ito kung saan ang lahi ng tao, sa pamamagitan ng paghahalo ng lahi . . . Naniniwala akong bawat binhi ay dapat mamunga ng kauri nito. At ang lahi ng tao, at ng halaman, at lahat na ay pinapaghalo ang lahi, ay dinala na tayo sa isang punto; sa pagkain natin ng ating mga pagkain na nagmula sa lupa, na, ang mga katawan natin, ay naging hybrid na, inilagay nito ang ating buong pag-iisip . . . Ngayon, kung pabagsak na ang mga katawan natin, mula sa edad na dalawampu hanggang dalawampu't lima, dahil sa mga nangasirang selula, sa pamamagitan ng mga pagkaing hybrid, hindi ba't nasisira na rin ang mga selula ng utak natin? Hindi ba't selula rin iyon? Kaya naman tumatakbo si Ricky dito sa lansangan, sa matulin na kotseng ito; habang si Ricketta naman, mga Elvitta, at marami sa kanila, kung papangalanan natin, ay narito sa labas na halos hubad na sa harap ng mga tao, wala na sa katinuan, wala nang nalalaman sa kagandahang-asal o mga moral.

¹³⁸ Balik tayo sa munting kuwento ko. Sabi ng kapelyang ito na nanggaling siya doon sa ospital, at sinabing napakaraming mga kabataang lalaking nakaratay sa tolda, ang ilan . . . Kagagaling lang niya sa labas. Sabi niya'y nagpunta siya doon, at sinabi sa kanya ng isang opisyal, sabi, "Kapelyan, gusto naming lumabas, para matingnan 'yung mga lugar ng pinaglabanan doon." Naghagis sila nitong mustard at chlorine gas, tulad ng ginagawa nila nang mga panahong iyon.

¹³⁹ At sabi, "Nagpunta ako roon, Kapatid na Branham," sabi, "wala kahit isang balat ng puno, wala kahit isang usbong ng damo. Isang umaga iyon ng Pasko ng Pagkabuhay." Sabi niya, "May ilan doon na mga lumang sirang tangke, kinailangan ng opisyal na kunan ng tala ang mga iyon, at alamin kung may magagawa pa para sa mga iyon, malapit sa malawak na Gubat Argonne." Sabi, "Noong nakatayo ako roong nag-iisa," sabi, "tumingala ako, sabi ko, 'O Diyos, sa ganito hahantong ang lahat ng ito.'" Tama nga, darating itong lahat. Natupok na itong lahat, walang buhay man lang kahit saan, natupok na ang damo; ang puno, sa pamamagitan ng mga gas na iyon, pinatay ang mga puno, pinatay na ang lahat, mga napilipit na, nakayungyong na, kung saan tinadtad iyon ng mga bala at kung anu-ano pa.

¹⁴⁰ Kung hindi nga ba iyan ang larawan ng mundo ngayon, kung saan iwiniwisik ni Satanas ang kanyang kawalang-pananampalataya, ang kanyang paghahalong-uri, ang kanyang siyensiya, ang kanyang kaalaman! Hanggang sa, kung ano ito noon sa pasimula, nang ilagay ng Diyos sina Adan at Eva sa halamanan, ang magandang paraisong iyon na walang kamatayan, walang karamdaman, walang kalungkutan, at sakdal sa kaayusan ang lahat ng bagay, tingnan kung ano ang ginawa ng DDT ni Satanas! Wasak na ito. Wala nang natira dito.

¹⁴¹ Sabi niya, “Napaiyak na ako. Naglakad ako pabalik, natuon ang pansin ko sa isang bato.” Sabi, “Pumunta lamang ako roon at tiningnan ’yung bato, itinulak iyon. Doon sa ilalim ng naturang bato ay may isang maliit na puting bulaklak na tumutubo, ang nag-iisang bagay na may buhay na natira, dahil nakanlungan ito ng isang bato.”

¹⁴² Diyos, ang aking Bato, kanlungan Mo po kami ngayon, O Diyos, kapag ang mga lasong ito’y nagliliparan na sa kung saan-saan sa pangalan ng siyensiya at edukasyon. Kanlungan kami. Itago ako hanggang sa araw na iyon, O Diyos, ang siyang dalangin ko. [Sinasabi ng isa na nasa entablado, “Huwag kang maglagay ng takdang oras, Kapatid na Branham.”—Pat.] Ngayon umaasa ako na tayong, ang bawat isa, ay nasa ilalim ng Batong iyon, na si Cristo.

¹⁴³ Kapapangaral ko pa lamang noong isang araw, marami sa inyo ang nakarinig nito. Papasok ako noon sa kakahuyan, nangangaso, at naudyukan akong pumihit. At tumingin ako, at narooing nakakalat ang isang walang laman na karton o pakete ng sigarilyo, o kung ano man ang tawag n’yo dito. At iyon ang kumpanya, sa palagay ko’y hindi ko na kailangang banggitin ang pangalan nila, subalit ang naturang kumpanya ng tabako ay mayroong, may maikling kasabihan sila, “Panala ng isang taong nag-iisip, panlasa ng isang taong naninigarilyo.”

¹⁴⁴ Nagsimula akong maglakad nang—nang mas malayo sa kakahuyan, at May humimok sa akin, “Balikan mo ang pakete ng sigarilyong iyon.”

¹⁴⁵ Sa loob-loob ko, “Makalangit na Ama, pupunta ako dito sa punong iyon kung saan Mo binigkas ang pagkakaroon ng mga squirrel na iyon, isang umaga. Bakit Mo po ako pinababalik?”

¹⁴⁶ At May nagsabi, “Mayroon kang sermong darating para sa Linggo. Nakasulat doon ang teksto mo.”

Sa loob-loob ko, “Sa isang pakete ng sigarilyo?” Bumalik ako.

¹⁴⁷ At napag-isip-isip ko, “Panala ng isang taong nag-iisip,” anong pandaraya iyon! Kung ang tao’y isang taong nag-iisip, ni hindi nga siya maninigarilyo. Pero, nakita n’yo, pinaniniwalaan pa rin ’yan ng mga tao.

148 Sa palagay ko'y dalawang taon na ang nakakaraan, noong naroon ako sa isa sa mga kombensiyon, nagpunta ako sa pandaigdigang pagtatanghal noong naroon iyon sa West Coast. At mayroon silang larawan doon ni Yul Brynner at marami pa sa kanila roon. At ang mga siyentipiko, marami sa kanila, ang naroon din sa iisang bulwagan, tungkol sa panganib ng paninigarilyo. Kung papaano nila pinadaan 'yung usok sa isang marmol, at kumuha ng isang maliit na Q-tip at kinuha ang nikotina mula roon at inilagay 'yon sa likod ng isang daga, at inilagay siya sa isang hawla, sa loob ng pitong araw ay punung-puno na siya ng kanser na ni hindi na siya makalakad pa. Kita n'yo? Sabi niya . . . Hinila iyon sa tubig.

Sabi, "Panala!"

149 Sabi, "Panala? Walang ganoong bagay." Sabi, "Kayo . . ." Ngayon, mismong ang siyensiya na ito. Sabi nila, "Hindi ka magkakausok malibang may tar ka. Ang tar ang gumagawa ng usok."

150 At ang bagay lamang na ito, ay isang pakana, para makabenta ng mas maraming sigarilyo. Kapag 'yan, kung ako . . . Hindi naman ninyo marahil iniisip na ako'y lapastangan o isang panatiko. Ang diablong iyon sa tao, iyon ang nagtutulak sa kanyang manigarilyo, para patayin ang sarili niya. Kapag siya—gusto niya ang nikotina ng isang sigarilyo, na tutugon sa pagnanasa niya, papasok ngayon ang kumpanyang dala itong mapandayang pakana, at magsasabi, "Ang panala ng isang taong nag-iisip." Kakailanganin niyang manigarilyo ng apat o limang sigarilyo, para makagawa ng ganoon din karaming tar sa loob mo (para masapatan siya) gaya mo doon sa isa. Mga Amerikano na nagbebenta ng kamatayan sa kanilang mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae! Hindi ko ito maintindihan.

151 Pero gayun pa man doon, naisip ko, "May tamang Panala ng taong nag-iisip."

152 Ngayon kung naninigarilyo ang isang tao, tandaan, lumilikha ito ng panlasa ng isang taong naninigarilyo. Kung gayon, kung hindi n'yo makuha 'yung . . . mapunan ang pagnanasa sa sigarilyo hanggang sa maipasok n'yo 'yung usok dun at makakuha . . . kailangang makagawa nung lasa. Kaya hihitit ka ng apat na sigarilyo, o lima, at magbabayad ng mas marami para dito kaysa kung naninigarilyo ka lang ng isang pangkaraniwang sigarilyo. Kita n'yo, isa itong pakana; pakana sa pagbebenta; nilililang ang mga tao, ang mga Amerikano. Kapag naiisip ko ang Valley Forge, si George Washington; na kasama ang dalawang-katlong bahagi ng mga sundalo niya, at walang mga sapatos sa kanilang mga paa, sa malamig na panahong iyon, para igawa tayo ng ekonomiyang mayroon tayo! At pagkatapos bebentahan ng mga Amerikano ang kapwa

Amerikano, ang kapatid niyang lalaki at babae, ng kamatayan, sa ilalim ng isang mapanlinlang na pakana, dahil sa pera, ang ugat ng lahat ng kasamaan. Ang paghahangad sa salapi, ang pag-ibig dito. Nawala na sa katinuan ang lahat, hindi nalalamang mapaparam ang lahat ng bagay na ito! Pero kung wala kang makuhang usok, hindi mo malalalahanan iyon.

¹⁵³ Saka ko napag-isip-isip, “Mayroong Panala ng taong nag-iisip.” Ang Panala ng isang taong nag-iisip! At hinango ko ang teksto ko mula sa “Ang Panala ng isang taong nag-iisip ay lumilikha ng panlasa ng isang banal na tao.”

¹⁵⁴ Kaya naisip ko na halos ganoong-ganoon ang ginawa ng mga denominasyon natin, pinapapasok ang mga tao at tinatawag ang mga sarili nila na mga Cristiano sa kahit papaano lang na paraan. Bakit? Mas marami ang napapapasok nila sa kanilang mga denominasyon o mga organisasyon. Mas marami ang naipapasok natin doon dahil pinapapasok natin sila sa ilalim ng *ganito*, *ganoon*, at *iba pa*, at kahit ano na lang. “Wala namang ipinagkaiba ’yon, basta para lang mailagay nila ang pangalan nila sa aklat at sabihing Cristiano sila. Ganoon lang. Oh, ‘naligtas ka sa pamamagitan ng pananampalataya.’ Kailangan mong manampalataya.” Ganoon din ang ginagawa ng Diablo. Siyanga.

¹⁵⁵ Kailangan mong maipanganak na muli, at dumadaan iyan sa Panala ng Diyos! Ngayon ay may Panala ng taong nag-iisip. Hawak-hawak ko Ito sa kamay ko. Hindi ito lilikha ng makadenominasyong panlasa, subalit tiyak na matutugunan Nito ang panlasa ng isang banal na tao, alam n’yo.

¹⁵⁶ Paano makakaraan ang isang babaeng pinutulan ang buhok sa Panalang ito? Paano makakaraan Dito ang isang babaeng naka-shorts, o nakapantalón, gayong sinasabi ng Biblia na, “Karumal-dumal sa Diyos, na ang isang babae ay magsuot ng kasuotang nauukol pa nga sa isang lalaki”? At papaano magagawa ng isang lalaki na nag-iisip ng anumang sa kanyang sarili, na lumabas dito at magbihis na gaya ng mga kababaihan, pinahahaba ang kanyang buhok na parang babae, na nakalugay sa mga mata niya, na may bangs, at itinikwas nang *paganyan*? Isinusuot niya ang panloob ng kanyang asawa. Isinusuot naman ng babae ang damit na panlabas nung lalaki. Panala ng isang taong nag-iisip? Hindi gagawin iyon ng isang lalaking nag-iisip, o hindi gagawin iyon ng isang babaeng nag-iisip. Hindi ito palulusutin ng Salita ng Diyos.

¹⁵⁷ Wala ni isa mang makakalusot sa Salitang iyon. Iyon ang Espiritu Santo, at dinadala Nito sa inyo ang Salita, at lumilikha Ito ng panlasa ng isang banal na tao.

¹⁵⁸ Tingnan ngayon, ang Ricketta sa lansangan, kaibig-ibig, magandang katawang kaloob sa kanya ng Diyos, at ginagamit naman iyon ni Satanas. At magdadamit siya nang

napakalasma, hindi nalalamang isang linggo mula ngayo'y baka nga mabubulok na siya sa libingan.

¹⁵⁹ Padaan ako sa lansangan dito hindi pa katagalan. Nangangaral ako noon sa isang kombensiyon sa Assemblies of God doon sa West Coast, sa isang pagtitipon doon sa Southwestern Bible School. Isang munting dalaga ang naglalakad sa kalsada, isang maliit...na nakasuot nung maiiksing damit, mga bikini, kung ano man ang tawag ninyo dito, at may lamuymoy pang nakabitin, na may suot na sumbrerong pang-cowboy at bota. Ako'y palakad na sa kalsada. Sa loob-loob ko, "Kawawa namang munting nilalang, anak ng isang kung sino mang ina at tatay, na inilagay dito para maging anak ng Diyos, at naging isa nang paing pansilo ng Diablo." Naisip ko, "Siguro'y liliko na lang ako at babalik, at sasabihan ang batang iyon." Mga kasing edad siya ni Sarah ko riyon, sa edad na disisiyete, disisais anyos, o mga ganoon. Naisip ko, "Hindi, maiging huwag na lang. Ako'y tutuloy na lamang dito sa kalsada at mananalangin para sa kanya. Kung may makakita sa akin na huminto at kinausap siya, maigi nang hindi ko 'yon gawin."

¹⁶⁰ Ngayon, at makinig, mga anak na lalaki ng Diyos, humahantong din kayo sa punto na iyon, makikipaglaro sa inyo itong mga Jezebel ng panahong ito, subalit mag-iisip muna ang isang taong nag-iisip. Maaaring napakaganda niya, maaari na "baka magkagusto siya sa akin," pero magiging kabayaran nito ang kaluluwa mo, bata; ang ilan sa inyong mga kabataang babae, sa mga Ricky naman na ito! Ang Panala ng taong nag-iisip ay nagdudulot ng panlasa ng isang banal na tao.

¹⁶¹ Kayong mga lalaking may asawa, kapag nakita n'yo ang mga babaeng ganoon sa lansangan, kayong mga anak na lalaki ng Diyos, hindi n'yo ba naiisip kung ano ang nangyari sa unang pasimula? Nang gawin ng siyensiya ang mga kababaihan na napakaganda noong panahon bago ginunaw ang sanlibutan sa baha, hanggang sa kumuha ang mga anak na lalaki ng Diyos ng mga anak na babae ng tao (hindi mga anak na babae ng Diyos), at hindi iyon kailanman kinalimutan ng Diyos. Winasak nila ang buong bagay; ang siyensiya, mas pinaganda pa sila. Dati-rati... Pansinin ninyo na ang pag-angat ng kagandahan ng mga babae sa mga huling araw, ay isang tanda ng katapusan; pinatunayan na iyon ng Diyos. Kaya, gumamit ng Panala ng isang taong nag-iisip, magkakaroon kayo ng panlasa ng isang banal na tao. Magiging kabayaran nito ang tahanan ninyo. Magiging kabayaran nito ang posisyon ninyo. Magiging kabayaran nito ang lahat ng tinataglay ninyo; maliban pa roon, ang kaluluwa n'yo! Wawasakin nito ang tahanan n'yo. Maaaring ibang lalaki ang magpalaki ng mga anak n'yo, o ibang babae ang magpalaki ng mga anak n'yo.

¹⁶² Gumamit kayo ng Panala ng isang taong nag-iisip, magdudulot ito ng panlasa ng isang banal na babae. Kapag papunta na kayo sa pagupitan, o sa kung saan pa man, at sasabihin nila sa inyo, “Sasakit ang ulo mo, alam mo.” Gamitin ang Panala ng isang babaeng nag-iisip, kung ano ang sinabi ng Biblia, kita n’yo, pagkatapos layuan n’yo ito. Kita n’yo? Huwag n’yo itong gawin.

¹⁶³ Kapatid n’yo ako, at mahal ko kayo. Wala akong anumang laban sa inyo. Nalalaman ng Diyos. At iyon ang dahilan kaya ko sinasabi ang mga bagay na sinasabi ko, ay dahil sa—sa pag-ibig ng Diyos para sa inyo. Kung pupunta roon ang isang tao at hindi nila sasabihin sa inyo, hinahayaan kayo ng pastor n’yo na maupo sa tabi-tabi at kumilos nang ganoon, hindi niya kayo mahal. Hindi niya kayo magagawang mahal. Hindi ko gugustuhin ang ganoong uri ng pag-ibig para sa mga babae. Gusto kong magkaroon ng isang banal na panlasa para sa kapatid kong babae. Gusto ko siyang maging talagang isang kapatid kong babae. Hindi ng kung sino na makapagsasabi, may kung sino na magsasalita kung gaano siya kaganda at kung paano siya, at ang mga reynang iyon ng kahalayan, “Nagpupunta siya sa aking . . .” Huh-uh. Hindi. Gusto ko siya na isang binibini!

¹⁶⁴ O Panginoon, itago Mo po ako sa ilalim ng Bato. Opo. Sa Mga Taga-Efeso 5:26, ang nag-iisang paraan upang makapailalim ka sa Batong iyon, iyon ay, “Ang mahugasan ng mga tubig ng paghihiwalay sa pamamagitan ng Salita.” Siyanga.

¹⁶⁵ Ngayon, huwag ninyong hayaang wisikan kayo ng Diablo na ito ng kanyang edukasyon. Huwag, huwag. Papatayin nito ang impluwensiya ninyo. Huwag hayaang kunin ’yan ng Diablo, “Buweno, kaanib ako ng iglesyang kinaaaniban ng nanay ko, ng tatay ko, lola ko.” Huwag hayaang wisikan kayo ng Diablo niyan. Sinabi na ng Biblia, sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, at mga bagay doon, na napunta na itong lahat sa binhi! Siyanga. Bulok na ang buong bagay. Ang buong bagay ay magka-ayon sa pagkabulok. Huwag hayaang wisikan niya kayo, sabihin, “Buweno, ito ang mas mataas na etika. Mas higit ang pinag-aralan natin kaysa noong mga nagdaang panahon.” Huwag hayaang ilagay sa inyo iyon ng Diablo. Ipinakita ko na sa inyo ang buong programa niya ng sibilisasyon, edukasyon at siyensiya. Dinala na niya ito mismo sa loob ng iglesya, at huwag kayong makikinig doon. Ilayo ang ulo ninyo sa mga dati nang maruruming telebisyon at mga ganung bagay!

¹⁶⁶ At sinasabi ng teksto natin, “Huwag kayong magsiayon, kundi mag-iba.” Hindi ang pumasok at sabihin, “Nakumpilan na ako, noong Linggo.” Hindi. Pumasok at mabago na ngayon mismo, mabago mula sa kung ano kayo, tungo sa kung ano ang gusto ng Diyos sa inyong mangyari.

167 Ngayon, depende ito sa kung anong uri ng binhi ang nasa inyo. Kung isang intelektuwal, na pang-edukasyong binhi ang inilagay sa inyo, may iisang bagay lang na magagawa ito, ang sirain kayo, ganoon lang, sa isang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos. Iyon lang ang tanging bagay na magagawa nito. Ang mga tao ngayon, habang nagmamasid ako, kumikilos sila na para bang ni hindi sila naniniwala na may Diyos.

168 Ipagpaumanhin n'yo ang salitang ito. Kung nasasaktan nito ang damdamin ng sinuman, hindi ko ito sinasadya. Mga ilang Linggo na ang nakakaraan ay inimitahan ako, ng sarili kong anak na babae, na lumapit sa isang telebisyon at panoorin ang isang pag-aawitang pansimbahan. Umaga iyon ng Linggo. Gusto kong marinig si Oral Roberts sa programa niya, sinabi ko sa kanilang ipaalam sa akin. Sabi, "Pakinggan mo po ito, napakagandang pag-aawitan ng himno nito." Nakatayo roon ang anak kong lalaki, sinabi rin sa akin ang tungkol dito. At pinihit ko ang set . . .

169 Nangungupahan kami sa isang babae na mayroong telebisyon sa bahay niya. Hindi ko hinangad na magkaroon ng isa sa bahay ko. Hindi, po. Ayaw ko ng bagay na iyon sa bahay ko. Pasasabugin ko iyon ng shotgun ko. Ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman sa masamang bagay na iyon. Wala, talaga! Subalit kumuha ng isang . . .

170 Hayaang sabihin ko sa inyong mga nariritong taga-Arizona. Nakita n'yo ang pag-aanalisang iyon noong isang araw, ng mga paaralan, hindi ba? Walumpung porsiyento ng mga bata sa mga paaralan sa Arizona ang may sakit sa isip, animnapu't pitong porsiyento ng mga iyon ay dahil sa panood sa telebisyon. Papaano naman iyan?

171 Mabuti pa'y gamitin n'yo na ang shotgun n'yo! Kita n'yo? Ngayon, huwag hayaang wisikan kayo niyan ng Diablo. Huwag, po. Ngayon ang mga tao, gaya nga ng sabi ko, nagsisiasta ang mga tao na para bang hindi nila kailangang humarap sa Paghatol.

172 Ang mga kabataang lalaki at babaeng ito, mayroon silang isang kung anong pamilyang Indian, at marami pang kung anu-anong bagay. Sa pagkakaalam ko'y isang taong ang pangalan ay G. Pool ang pinuno nito. At kung mayroon man akong nakitang isang modernong pagtuya sa mga himno, ito'y ang pamamaraan nila ng pag-awit nito; isang pulutong ng mga Ricky na nangakatayo roon, na iniwagayway nang pataas at pababa ang kanilang mga kamay.

173 Talagang humanga ako sa kabataang lalaking iyon dito ngayong umaga, na umawit, disenteng tingnan, tulad ng isang tunay na lalaki. Ako—gusto ko iyon. Kapag kayo—kayong mga negosyante kung minsan rito'y kumukuha ng isang pulutong ng mga Ricky na ito na tumatayo rito, at nagpapaikut-ikot at

naghihiyaw, at kung anu-anong pinaggagagawa, at pinipigil ang kanilang hininga hanggang sa mangasul na ang mukha nila; at hindi naman iyon pag-awit, paglikha lamang iyon ng maraming makasiyensiyang ingay. Ang *pag-awit* ay “himig na mula sa puso.”

¹⁷⁴ At sa loob-loob ko, “Kahabag-habag! Kahiya-hiya ito! Kung papaanong sa ilalim ng katawagang relihiyon, ay umaasta sila na parang walang Diyos!” May isang nagsabi, noong isang araw, sa isang binatang sumasama sa anak kong babae. Sabi ng isang binatang Cristiano, nagbigay ng isang walang pitagan na pangungusap tungkol kina Adan at Eva, sabi, “Naglalakad-lakad sa halamanan si Eva. Sabi, ‘Mga anak, nakikita n’yo ba ang punong iyon doon?’ Sabi, ‘Doon kumain ang nanay ninyong naging dahilan ng pagpapalabas sa atin ng bahay at tahanan.’” Mantakin n’yo, naturingan pa namang isang matibay na Cristiano, na tatanggap ng isang pangako at isang Salita ng Diyos at ihahagis iyon sa isang kulungan ng baboy! Umaasta silang para bang hindi nila kakailanganing humarap sa Paghatol. Ngunit dadalhin ng Diyos ang bawat lihim sa Kahatulan. Umaasta silang tila ba walang Diyos.

¹⁷⁵ Hindi ko gustong tawagin silang hangal, dahil sinabi ng Biblia. . . ang hangal, ay hindi tama. Sinabi ni Jesus na hindi tama iyon. “Huwag tawaging hangal ang sinuman.” Ngunit sa Mga Awit 14:1, “Ang hangal ay nagsabi sa kanyang puso, ‘Walang Diyos.’” Kita n’yo? Sila, hindi sila. . . hindi ko gustong tawagin silang hangal, pero umaasta silang parang ganoon nga sila. Umaasta silang gaya nun.

¹⁷⁶ Kaya, nakita ninyo kung nasaan na tayo ngayon, katulad ng, “Walang Diyos. Kaanib ako ng iglesya! At ang lahat ng buong bagay, ang Biblia, ay isang malaking kahangalan. Alam ng iglesya namin kung saan sila patungo!” Oo, diretso mismo sa impiyerno, eksakto nga. Nasa kanila nang daan, na patungo mismo sa pamamagitan ng siyensiya at edukasyon, makateolohiyang mga seminaryo at mga ganung bagay, sadyang pinapabilis sila sa daan. Wala nang pagkakataon ang Espiritu Santo na magbigay pa ng kapahayagan sa kahit ano; ginawa na iyon ng seminaryo.

¹⁷⁷ Ang Espiritu Santo ang dapat manguna sa atin; hindi seminaryo, hindi mga obispo at mga tagapangasiwa, at iba pa. Ang Banal na Espiritu ang ating Tagapanguna.

¹⁷⁸ Ganoong tao si Cain. Napakarelihiyoso niya sa gawa. Ngayon, kung relihiyon lamang ang kailangan ninyong taglayin, kung gayo’y hindi makatarungan ang Diyos sa paghatol kay Cain. Dahil, relihiyoso siya, kasing relihiyoso siya at kasing tapat ni Abel. Ngayon alalahanin, naisip niya ang Diyos, sinamba niya ang Diyos, may simbahan siya, nagtayo siya ng isang dambana, naghain siya, nanalangin siya, sumamba siya,

subalit tinanggihan siya. Kahit gaano pa . . . Si Esau, ganoon din. Kita n'yo?

¹⁷⁹ Ang relihiyon, kita n'yo, iyon ang gawain ni Satanas; hindi para patayin ang buong bagay, kundi para lamang dumihan ito. Ganoon lang. Hindi niya papatayin ang buong bagay. Oh, hindi ang mga komunista; hindi, hindi, ang anticristo ay hindi ang komunismo. Sinabi ng Biblia, "Dadayain nito ang Mga Hinirang kung maaari." Huwag pansinin ang tabing na bakal, kundi 'yung kulay-ube. Uh-huh.

¹⁸⁰ Subalit, pansinin, lumapit si Cain upang sumamba, ngunit mali ang binhing nasa kanya, binhi ng serpiyente. Ang sagitsit ng serpiyente ay sumagitsit sa kanya, sapagkat siya ay binhi nung babae. Alam niya ang sakdal na kalooban ng Diyos, subalit tumanggi siyang gawin ito. Alam n'yo ba iyon? Alam ni Satanas ang kalooban ng Diyos, subalit tumatanggi lang na gawin ito.

¹⁸¹ Pansinin, nakita niyang pinatunayan ng Diyos ang mensahe ni Abel. Ngayon gusto ko kayong mag-isip, gamitin ang iyong Panala ng taong nag-iisip ngayon saglit. Ang tamang mensahe ni Abel, na pinatunayan ng Diyos na siyang Katotohanan! Nasusundan n'yo na ba ngayon? Uh-huh. Tinanggap ang mensahe ni Abel, at nakita ito ni Cain at nalamang pinatunayan ng Diyos na tama ang mensaheng iyon. Subalit sadyang hindi niya iyon magawa. Hinadlangan siya rito ng pagmamataas niya. Siyanga, pinigilan siya ng pagmamataas niya na gawin ito. Nakita niyang pinatunayan ng Diyos ang mensahe.

¹⁸² Kaya para ba ito ngayong, napakahirap para sa mga taong ibaba ang kanilang mga sarili sa Salita ng Diyos. Sila, talagang ayaw nila itong gawin. Ibababa nila ang mga sarili nila sa kredo ng iglesya, sigurado, ngunit hindi sa Salita ng Diyos.

¹⁸³ Kung gusto ninyo itong makita, magpunta kayo sa . . . May Mga Kasulatan ako rito, iyon ang pinagsasanggunian ko dito. Genesis 4:6 at 7, sinabi ng Diyos kay Cain, sabi, "Bakit namanglaw ang iyong mukha? Bakit ka galit na galit, na palakad-lakad? Nakarinig ka lang ng isang mensaheng nakabagabag sa iyo." Sabi, "Buweno, para saan at ginagawa mo iyon? Bakit namanglaw ang mukha mo, dahil hindi Ako nagpunta sa iglesya mo? Kung gayon bakit mo ginawa iyon?"

Gumagamit ka ba ng Panala ng isang taong nag-iisip? Kita n'yo?

¹⁸⁴ O, "Bakit hindi . . . Bakit ganyan ang hitsura mo?" Sabi, "Kung gagawa ka ng mabuti, gawin mo ang kagaya ng ginagawa ng kapatid mo doon, tatanggapin Kita at pagpapalain ka. Gagawin Ko rin sa iyo ang ganoong bagay." Subalit sadyang hindi niya iyon magawa. Sabi Niya, "Ngayon, kung hindi, ang kasalanan ng kawalang pananampalataya ay nag-aabang sa pintuan."

¹⁸⁵ Ngayon kapag sinasabi nila sa atin, “Lipas na ang mga araw ng himala.” Nakikita nila itong lubos na pinatotohanan at pinatunayan, nakita n’yo, ang lahat ng mga bagay na ito na ipinangako ng Diyos na gagawin Niya sa huling panahon, ang tungkol sa Apocalipsis 10 at Malakias 4, ang lahat ng mga bagay na iyon na lubos na pinatotohanan. Ano’ng nangyayari, mga kapatid? Ano’ng problema, kita n’yo?

¹⁸⁶ Kung hindi; ang kawalang pananampalataya, na siyang kasalanan. Mayroon lamang iisang kasalanan, ’yun ay, kawalang pananampalataya. Siyanga. Hindi ka naman hinahatulan dahil sa ika’y umiinom, naninigarilyo, ngumunguya ng nganga, nagsusuot ng shorts, gumagawa ng anumang ginagawa mo. Hindi, hindi iyon ang humahatol sa iyo. Dahil ito sa hindi ka sumasampalataya. Kung sumasampalataya ka, hindi mo gagawin iyon. Kita n’yo? Hindi iyon ginagawa ng isang mananampalataya. Ginagamit niya ang Panala ng isang lalaking nag-iisip, kita n’yo, kita n’yo, o Panala ng isang babaeng nag-iisip, alinman doon. Buweno. Subalit, nakita n’yo, nag-aabang sa pintuan ang kasalanan.

¹⁸⁷ Ngayon pansinin kung ano ang ginawa niyon kay Cain, at magiging ganoon din ngayon. Pinalayo nito si Cain, isang pagkamakasalanang sinasadya. Sinasadya niya ang pagsuway. Magiging ganoon ang bawat tao. Sinasadya ang pagsuway matapos niyang makitang lubos na pinatotohanan ng Diyos ang mensahe ni Abel, na ito ang katotohanan, at tumangging gawin ito. Ginawa ang gayun din noon. Nang magkagayo’y lumagpas na siya sa hangganang linya.

¹⁸⁸ May isang linya na matatawid n’yo. Alam n’yo iyon, hindi ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, mga ministro, maging dito at doon sa—nasa telepono kung saan dumarating ang pagsasahimpapawid sa buong bansa, napagtatanto n’yo ba iyon? Kapag nakikita ninyo na ito ay Kasulatan, at hindi ninyo ito ginagawa, ang Diyos ay hindi palaging. . . Siya’y. . . Oh, patuloy ka nga, na pagpapalain. Gayon din naman ang bawat isa ng Israel, namuhay mismo sila sa ilang, at nagpalaki ng mga anak, mga pananim, at pinagpala, at lahat na, subalit “ang bawat isa sa kanila’y Walang Hanggang nahihalay sa Diyos.” Sinabi ni Jesus ang gayon. Oh, oo, pagpapalain ka pa rin ng Diyos, subalit wala ka na. Tiyak nga. Iyon ang sinasabi ng Biblia ngayon, iyon ang sinabi Niya. Pansinin, maaari mong tawirin ang hangganang linya. Naniniwala ba kayo doon? [“Amen.”] Ginawa nga iyon ni Cain.

¹⁸⁹ Hayaan—magbukas lamang tayo dito sandali, kinuha ko ang Mga Hebreo 10:26. Tingnan natin kung mahahanap ko iyon mismo kaagad. Ang Aklat ng Mga Hebreo, ang ika-10 kabanata at ang. . . sa palagay ko, ang ika-26 na talata. Naisulat ko iyon dito. Sandali lang, sana’y mapagtiisan n’yo pa ako, at basahin lang natin Ito saglit. Sige, heto na.

Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating . . . matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa kasalanan,

Kundi isang kakila-kilabot na paghihintay sa paghuhukom at sa kabangisan ng apoy, na lalamon sa kaaway.

¹⁹⁰ Iyon ay GANITO ANG SABI NG BANAL NA SALITA NG DIYOS. Kung sinasadya nating hindi sumampalataya pagkatapos nating makita Ito at marinig Ito, kung gayo'y tinawid na natin ang naturang linya. Wala nang natitira pang kapatawaran para dito, tinawid mo na ang linya.

“Oh,” sasabihin n’yo, “pinagpapala pa rin naman ako ng Diyos.” Oh, siyanga.

¹⁹¹ Alalahanin n’yo ang Israel, ang mga nasa hangganang linya. Nang bigyan sila ng Diyos ng isang pangako, doon sa Banal na Lupain; doon sa lupain, iyon ay mayaman, sa gatas at pulot. At nang isugo ni Moises sina Caleb at Josue, at ang mga espiya, upang pumunta doon at lihim na siyasatin ang lupain, at dinala pabalik ang pinagtibay na ebidensiya.

¹⁹² Sabi ng sampu sa kanila, “Hindi natin ’yon magagawa. Wala tayong kakayahan. Tingnan n’yo ang kahirapan doon. Magiging mga panatiko tayo. Mayroon tayo nitong mga maliliit lang na mga bagay na panlaban. Tingnan n’yo kung anong mayroon sila. Tayo, hindi natin ’yon magagawa. Hindi natin kayang gawin iyon.”

¹⁹³ Sinabi nina Josue at Caleb, “Kayang-kaya natin iyon! Ang Diyos ang nangako.”

¹⁹⁴ At, alalahanin, tumalikod sila. Iyon ay sa Kadesh-barnea. At tumalikod sila at naging mga pagala-gala sa ilang. At namatay silang lahat, at Magpasawalang Hanggang nahiwalay. Sinabi ni Jesus ang gayon.

¹⁹⁵ Huwag ninyong tawirin ang hangganang linyang iyan, kita n’yo. “Kung alam ninyo ang paggawa ng mabuti at hindi ito ginagawa, ito’y kasalanan sa inyo.”

¹⁹⁶ Ganoon din ang ginawa ng Israel. Matapos nilang makitang pinatunayan si Moises, at saka hinayaan si Balaam na wisikan sila, ang mahalagang pinatunayang Binhi na iyon. Pastor, huwag (na huwag ka kailanman) magsalita ng anumang laban sa Salitang ito. Tingnan n’yo si Balaam, isa siyang propeta, at nakita niya ang Binhi ng Diyos na pinatunayan. Subalit sa ilalim ng kanyang sariling dakilang denominasyon na kinabubuhayan niya, nakita ng Moab na paparating sa lupain ang pangkat na iyon ng mga lagalag, winisikan niya ito, at sabi, “Buweno, sandali lang. Cristiano tayong lahat. Mananampalataya tayong lahat. Aba, ang mga magulang namin at mga magulang ninyo’y

iisa. Hindi ba't tayo'y mga anak ni Lot? Hindi ba't si Lot ay pamangkin ni Abraham? Hindi ba't pare-pareho lamang tayong lahat? Magsipag-asawa tayo sa isa't isa." At ang Israel, gaya ni Eva noon sa halamanan ng Eden, na hinayaang wisikan siya ni Satanas, ay winisikan din niya ang Israel sa pamamagitan ng isang bulaang propeta. Gayong, ang tunay na propeta'y kasama nila, na taglay ang pinatunayang Salita. Subalit sa pamamagitan ng kaisipang intelektuwal na kaalaman, ay winisikan niya sila. Isipin n'yo iyon. Ngayon, hindi iyon kailanman pinatawad, hindi kailanman pinatawad ang kasalanang iyon.

¹⁹⁷ Nabulok ang mga binhi sa landas mismo ng tungkulin, sa daan habang patungo sa lupang pangako. Namatay at nabulok ang bawat isa sa kanila, doon mismo sa iglesya, sa linya ng tungkulin, na sumusunod sa Diyos. At hinayaan si Satanas na iwisik ang intelektuwal na pangwisik na iyon sa kanila, maka edukasyon, intelektuwal na kaisipan, sinasabi, "Aba, parepareho lang naman tayong lahat, lahat tayo'y mga anak ng Diyos." Hindi kayo! Ngunit hinayaan niya ang bulaang gurong iyon doon na wisikan sila ng intelektuwal na kaisipan niya patungkol Dito.

¹⁹⁸ At tulad na lamang ng ginagawa ng Konsehong Ekumenikal ngayon mismo, kita n'yo, ganoon ding bagay, "Aba, aanib tayong lahat nang sama-sama sa isang malaking organisasyon." Ang buong sistemang makaorganisasyon ninyo'y sa Diablo. Ito ang tatak ng hayop, sa Biblia. Magkakaroon ako ng aklat tungkol dito, malapit na, kung loloobin ng Panginoon.

¹⁹⁹ Pansinin, noong panahon ni Noe, nakikitang itinatayo ang Salita, upang lumutang. Ngayon ay hayaan akong magsabi ng kaunti rito, binubuo ang Salita upang sa gayo'y malipat mula sa lupa patungo sa kalangitan. Nakikita na ang pagkakabuo ng bagay na iyon; subalit dahil sa kanilang intelektuwal na mga kaisipan, ay harapang pinagtawanan ang propeta, na si Noe, noong siya'y nagpropropesiya tungkol sa katapusan ng panahon. Subalit ano ang . . . Ang istrukturang 'yon ay gawa sa Salita ng Diyos, pinahiran ng sahog sa loob at labas, nang may panalangin at pananampalataya. Nang bumuhos ang mga ulan, nangamatay ang lahat ng intelektuwal na mga kaisipan ng mga relihiyon at nangabulok mismo sa . . . mismo sa kanilang mga iglesya, sa mismong ibabaw ng lupa. At lumutang ang daong sa ibabaw ng lahat ng iyon. Nabulok mismo sa paghatol ang binhing winisikan ng siyensiya.

²⁰⁰ Ano ba ang sinisikap nating gawin ngayon, ganun pa man, sinisikap ba nating itatag ang ating iglesya o sinisikap nating itatag ang Salita ng Diyos? Ano ba ang sinisikap nating gawin? Ano ba ang tinatrabaho natin? Sinisikap ba nating maibalik ang mga tao Dito? Ano ba ang sinisikap gawin nitong dakilang Eva dito sa mga huling araw na ito, itong iglesyang Eva?

201 Kinakailangan ko nang huminto agad, kapatid, dahil—tumatanghali na. [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “Sige lang!”—Pat.] Bigyan n’yo na lamang ako ng mga labinlimang minuto pa, at hihinto na ako sa aking—aking Mga Kasulatan dito. [“Sige, magpatuloy ka lang.”] Oo. Sige. Alam ko. Buweno, gusto na marahil ng mga taong makapunta na rito at linisin ito. Pero para bang mahirap para sa akin na huminto. [“Magpatuloy ka lang.” “Buweno, wala namang nagmamadali.”] Magmamadali na ako. Sige.

202 Tingnan n’yo, ang malaking makasiyensiya, pang-edukasyon, na hybrid na Eva ng panahong ito, na tinatawag na iglesya, ano ba ang sinisikap niyang gawin? Sinisikap ba niyang maitaas ang Salita ng Diyos at hinahayaang gawin ng mga tao kung ano ang pinaggagagawa nila? Hindi nila ginagamit ang Panala ng isang taong nag-iisip, o, ang Panala ng Diyos. Tingnan n’yo kung ano ang ipinamumunga nila. Itinataas nila ang mga sarili nila. Ang iglesya, sa kanyang sirang binhi ng programang pangkaalaman, ay ginawa ang buong sangkatauhan na makasiyensiyang mangmang sa Salita ng Diyos. Ngayon ay makakaabot din ako doon sa mga pangungusap na iyon, hindi ko na gaanong patatagalin pa ang mga iyon ngayon, para matapos. Makasiyensiyang mangmang! Gayong ang Diyos, dito mismo sa lupa, ay ginagawa ang mga bagay na ginagawa Niya, sa pamamagitan ng Kanyang ipinangakong Salita, at hindi nila Ito pinapansin at nilalayan nila dahil sila ay mga makasiyensiyang mangmang. Makasiyensiyang mangmang!

203 Nangingiti ako kanina dahil kay Kapatid na Williams dito, na isinulat dito sa isang piraso ng papel, “Maaari kang manatili dito buong hapon,” parang ganoon. Subalit, pinasasalamat na ko iyon, sadyang nakakalugod iyon. Kita n’yo?

204 Ngunit ang mga tao ay—ay sinasadya ang pagkakasala. Dinala nito ang—ang buong sistema ng mundong iglesya ngayon patungo sa isang sadyang pagkakasala laban sa Diyos. Aba, patutunayan sa inyo ng pangkaraniwang wastong kaasalan na tama Ito. Siyanga. Binulag ng isang lambong ng pagnanasa ang kanyang mga mata, sa Salita ng Diyos, at nasumpungan na naman niya ang kanyang sarili na hubad. Alam n’yo, ang Diyos, sa Apocalipsis 3, sabi, “Pumarito ka, bumili sa Akin ng pampahid sa mata, upang mabuksan ang iyong mga mata.” Kita n’yo, ang Kanyang Salita ang pampahid sa mata.

205 Alam n’yo, sinasabi nila, “Buweno, nag-aral ang taong ito nang apatnapung taon, para makuha ang mga titulo niya. Isa siyang B.L.D., D.D., at lahat nito.”

206 Alam n’yo ba kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol diyan? Sabi Niya, “Tanggihan ng tao ang kanyang sarili.” Ginawa iyon ni Pablo.

Sasabihin n’yo, “Hindi naman ganoon ang ibig sabihin nun.”

207 Buweno, bakit sinundan pa iyon ni Pablo, kung gayon? Sabi niya, “Hindi ako kailanman lumalapit sa inyo nang may mapang-akit na mga salita ng karunungan ng tao, dahil doon ninyo itatayo ang inyong pag-asa. Kundi lumalapit ako sa inyo sa kapangyarihan at mga pagpapamalas ng Banal na Espiritu, nang sa gayon ang inyong salita ay . . . ang inyong pananampalataya ay mapundasyon sa Salita ng Diyos, hindi sa mga pagpapamalas ng karunungan.”

208 Para bang naiwala na ng mga tao ang kanilang pangkaraniwang wastong kaasalan at kahinhinan. Hindi na sila gaya ng dati. Dati-rati, kapag sinabi na ng propeta, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” nanginginig na ang mga tao. Oo, talagang sila nga. Kumikilos ang mga tao, dahil takot sila. Ngunit ngayon nawala na ang lahat ng pagkatakot nila Dito. Hindi na nila kinatatakutan ang Diyos.

209 Sabi ni Solomon, “Ang—ang pagkatakot sa Diyos ang pasimula ng karunungan,” ang pasimula lamang nito.

210 Subalit makapagsasalita ang propeta ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON; sasabihin naman ng mga tao “walang kabuluhan!” Kita n’yo, wala nang pag-asa para sa kanila. Ito’y, sabi nila, “Aba, matatalino kami. Mga intelektuwal kami, hindi na namin kailangang tanggapin ang ganyang uri ng kung anu-ano! Alam namin kung ano ang sinasabi namin!”

211 Isa ring matandang kawikaan, nagsasabing, “Maglalakad ang mga hangal nang may takong na panyapak, kung saan ang Mga Anghel ay natatakot tumahak.” Tiyak nga.

212 Ngayon, ano ba ang pagbabago? (Sa madalian.) Papaano ba natin ito nakukuha? Ano ba ang nagagawa ng pagbabago? Ginagawa ito ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu ng Kanyang Salita. Bumabago Siya. Itinatanim Niya ang Kanyang Binhi, inilalagay Dito ang Kanyang Espiritu, at inilalabas Nito ang bunga. Binabago ng Kanyang Espiritu Santo ang Binhing Salita upang mapatunayan sa uri nito.

213 Kung anong uri kayo ng binhi, ipinapakita nun kung ano ang nasa loob ninyo. Hindi n’yo ito maitatago. Anuman kayo sa loob, makikita ito sa panlabas. Sadyang hindi ninyo ito maitatago. Hindi ninyo puwedeng ibahin ang punong iyon sa kung ano na ito. Kita n’yo, ito’y—ito’y magiging ganoon. Binabago ng Espiritu Santo ang mga binhi ayon sa naroon sa loob nito. Kahit ano pang uri ito ng binhi, babaguhin Nito ito. Kung masama ito, magbubunga ito ng masama. Kung isa itong mapagkunwari, magbubunga ito ng isang mapagkunwari. Kung isa itong tunay na Salita ng Diyos, magbubunga ito ng isang tunay na anak na lalaki o anak na babae ng Diyos, sa pamamagitan ng Panala ng isang taong nag-iisip. Kapag umusbong na ang Binhi, dumaraan ito Doon, nagbubunga Ito ng isang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos.

214 Isang araw nang ang mundo'y nakahimlay sa kadiliman ng kawalang-kaayusan, ang Diyos... Ngayon makinig nang mabuti, dahil hindi tayo mangungusap... sandali na lamang. Masdan. Isang araw nang ang sanlibutan ay muli na namang nasa lahat ng uri ng mga relihiyon, paghuhugas ng mga kamay, ng mga saro, pagsusuot ng sari-saring kasuotan at ng mga bonete, at kung anu-ano pa, nakahimlay iyon sa gitna ng ganap na kawalang-kaayusan. Ang totoong Israel ng Diyos ay lubos nang nalisyá mula sa mga kautusan at mga batas ng Diyos, sinabi ni Jesus, "Kayo, sa inyong mga tradisyon, ay niwawalan ninyo ng kabuluhan ang Salita ng Diyos sa mga tao, sa pamamagitan ng inyong mga tradisyon." At tingnan silang mga banal na saserdote, na tawag nila sa mga iyon; at sabi ni Jesus, "Kayo'y sa inyong ama, ang Diablo, at ginagawa ninyo ang kanyang mga gawa." Kita n'yo, iyon mismo ang sinabi Niya.

215 Ngayon nang ang sanlibuta'y nakahimlay sa ganoong uri ng kalagayan, muling kumilos ang Espiritu ng Diyos sa isang Binhing itinalaga. Kanyang isinalin at binago ang anyo ng Isaias 9:6 ng pangako Nito; Siya, ang Diyos, ay nagkatawang-tao, upang iligtas ang magulong panahong iyon. Nang lalangin ang tao ayon sa larawan ng Diyos, hetong pumaparito ang Diyos, sa pamamagitan ng propetang paunang-nakakita nito... Ngayon alalahanin ang Salita, nakita na ito ng propeta nang una pa, ang siya ring propeta na nakakita kay Satanas sa huling panahong ito, kita n'yo, tungkol sa mga programang pang-edukasyong ito at mga bagay-bagay na taglay niya, programang panrelihiyon. Ang siya ring propeta, Isaias 9:6, ay nagsabi, "Sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak na Lalaki; at ang Kanyang Pangalan ay tatawaging 'Tagapawing, Ang Pangulo ng Kapayapaan, Ang Makapangyarihang Diyos, Ang Walang Hanggang Ama.' At ang Kanyang pamamahala ay hindi magkakaroon ng wakas." At ang Salitang iyon ay Salita ng Diyos. At kumilos ang Espiritu sa Salitang iyon, at inanyuan Nito sa sinapupunan ng isang birhen; ang isang Lalaki, "isang Anak na Lalaki ang ipinanganak," hindi nilikha, "ipinanganak."

216 Paulit-ulit na sinubukan ni Satanas, na wisikan Ito. Dinala niya Siya sa mataas at sinabi, "Kung Ikaw nga ang sinasabi Mong Ikaw, kung gayo'y gawin Mo ang ilan sa pagpapagaling na ito dito para sa akin. Ipakita Mo sa akin kung papaano Mo ito nagagawa. Gawin Mo ito, na tinapay, at ang mga batong ito'y gawing tinapay. Tingnan nga nating tumalon Ka, dahil sa sinasabi ng Kasulatang gagawin Mo iyon."

217 Nakita n'yo ba silang mga relihiyosong diablo ngayon na sinasabi pa rin ang ganoong bagay? "Kung mayroon ngang ganoon bagay na tulad ng Makalangit na pagpapagaling; nakaratay dito si Kapatid na *Ganito-at-ganoon*, tingnan nga nating pagalingin mo siya."

218 Ang Diablo ring iyon ang tumayo noon sa harap ni Jesus, sa krus, sabi, “Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, bumaba Ka sa krus.”

219 Sinabi ng Salita na Siya ang Anak ng Diyos. Pinatunayan ng Espiritu na Siya ang Anak ng Diyos. Naganap na ang Isaias 9:6. At noong isang gabi, marami sa inyo sa pagsasahimpapawid ang nakarinig kung papaano namin ibinigay ang mga higit sa animnapung Mga Kasulatan, halos, sa palagay ko, tungkol sa pagpapatunay na sinabi ng Kasulatan na Siya nga Iyon.

220 Oh, pauli-ulit na sinubukan ni Satanas, na gawin ang lahat. Isang gabi, habang nakahiga sa likuran ng bangka, nakita niya Siyang natutulog. At sabi niya, “Wawasakin ko na Siya ngayon mismo.” Subalit hindi niya magawa.

221 Sinubukan niya Siyang tuksuhing gumawa ng bagay na mali, subalit hindi niya iyon magawa. Bakit? Nawisikan na Siya ng pangkontra ng pagtatalaga. Hindi ito malililang. Hindi, hindi. Sinabi ng Salita na paparito Siya. Amen. Walang diablong makakagambala sa Kanya, at wala nang iba pang anak ng Diyos, na nakatalagang kumuha ng kanyang lugar. Nawisikan na Siya ng pangkontra. Ang lason ni Satanas, ang mga doktor ng denominasyon ay ni hindi man lang Siya masaling sa anumang paraan. Patuloy Siyang kumikilos, walang kahit anong makakagambala sa Kanya, kita n’yo. Wala itong naging anumang talab sa Kanya.

222 “Buweno, Ikaw ang gagawin kong Obispo sa buong lupa. Pinamumunuan ko ito. Kung sasambahin Mo lamang ako, halika umanib Ka sa grupo ko, ako—Ikaw ang gagawin kong pinuno. Bababa ako, Ikaw ang hahayaan kong tumaas.”

223 Sabi Niya, “Layuan mo Ako, Satanas. Nasusulat, ‘Sasamba ka sa Diyos, ang Salita, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran.’” Pagkatapos isang araw . . .

Tungkol sa dakilang Taong ito, gusto kong manatili dun sandali.

224 Subalit isang araw, muling kumilos ang Espiritu sa Kanya; dahil mayroong ilang Salitang nasulat tungkol sa Kanya, na mula sa Diyos, sa pamamagitan ng propeta, “At dinala Siya sa katayan, gaya ng isang kordero.” At kumilos sa Kanya ang Espiritu, at pinangunahan Siya, at dinala Siya sa krus ng Kalbaryo. Doon Siya namatay. At lahat ng ipinangusap tungkol sa Kanya sa Kanyang kamatayan, ay natupad, upang maghatid ng Liwanag at Buhay sa lahat ng una nang naitalagang binhi ng Diyos na nasa ibabaw ng lupa. Dinala Niya ang daan upang magawa ito. *Heto* ang Binhi, inihahatid ng Espiritu ang Buhay; na binabago ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, mula sa mundo ng madilim na kaguluhang ito, tungo sa pagiging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos.

225 Huwag kayong matisod diyan sa salitang “paunang-pagtatalaga.” Alam kong natitised kayo. Ngunit, makinig, hindi ko Ito salita. Isa Ito sa Mga Salita ng Diyos. Kung gusto n’yong basahin iyon, basahin ang Mga Taga-Efeso 1:5, na, “Itinalaga na Niya tayo nang una pa sa mga pagkukupkop upang maging mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo.” Kita n’yo?

226 Hayaang himayin ko lamang ito sandali, sandali lang, upang mahimay ito sa isip ninyo. Tingnan. Gaya nang naroon pa kayo sa inyong ama, noong pasimula, bilang isang binhing buhay. Alam n’yo ba iyon, bawat isa sa inyo? Naroon na rin kayo sa inyong kalolo-lolo-lolo-lolohan, alam n’yo ba iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

227 Basahin ang Aklat ng Mga Hebreo, kung saan natin makikita na nagbigay si Levi ng ikapu noong naroon pa siya sa balakang ni Abraham, apat na sali’t saling lahi bago siya. Nang magbigay si Abraham ng ikapu kay Melquisedec, ibinilang iyon sa kanyang kaapu-apuhan na susunod sa kanya, at naroon pa siya noon sa balakang ni Abraham. Hayan na. Kita n’yo?

228 Nasa balakang ka noon ng iyong ama, subalit hindi ka pa maaaring makasama ng iyong ama hanggang sa mabago ka na tungo sa isang katawang laman.

229 Ang anak kong lalaki na nariyan ay nasa akin na noon. Ako—ako—gusto ko ng anak, pero nasa loob ko pa siya noon. Kita n’yo? Nasa loob ko pa siya noon. Subalit sa pamamagitan ng matrimonya ng kasal, nabagong-ano siya tungo sa isang taong tulad ko, at pagkatapos ay naging katulad ko na siya.

230 At nagiging katulad kayo ng inyong mga magulang, kita n’yo, dahil nasa inyo na ito, sa simula pa lamang. Ngayon kung tayo ang mga anak na lalaki ng Diyos, ang Kanyang mga katangian. . . Na, ikaw ay isang katangian ng iyong ama, hindi ng iyong ina; ng iyong ama. Sa ama nakahimlay ang binhi. Kita n’yo? At ngayon ang inyong ina ang halimhiman na nagdadala sa inyo, nagdadala sa binhi ng inyong ama. Kita n’yo?

231 At ang lupa, sa laman, ay ang halimhiman ding nagdadala sa binhi ng Diyos. Kita n’yo, sadyang eksakto. Hindi ang sanlibutan, kung gaano kadakila ang sanlibutan; ito’y kung gaano kadakila ang Diyos na gumawa nito. Kita n’yo? Kita n’yo?

232 Ngayon kung isa kang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, kung gayon ay nasa Diyos ka na noon sa pasimula pa. Katangian ka Niya. Kung wala ka roon noon, kung gayon wala ka kailanman o hindi kailanman magiging naroon.

233 Dahil, hindi ko madadala, mula sa balakang ko, ang anak ng lalaking ito *rito* o ng lalaking iyon *doon*, madadala ko lamang ang sarili kong mga anak, at dadalhin nila ang wangis ko. Aleluya. Nakikita n’yo na ba iyon?

²³⁴ Ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay nasa Diyos na noon sa pasimula. Ngayon tingnan n'yo. Mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, sinasabi n'yo. Naniniwala tayo dito, na mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan. Buweno, mayroon lamang iisang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at iyon ang Diyos. Iyon lamang ang nag-iisang bagay na Walang Hanggan, ay ang Diyos. Kung gayon kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, ang Buhay na iyan na nasa iyo ay naroon na noon pa man, at nasa balakang ka na noon ng Diyos bago pa man magkaroon ng mundo. At nang ang Salita Mismo . . . Si Jesus Mismo ay tinatawag na ang Salita, at sa San Juan 1, ay sinabi, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin." Kung gayon noon pa ay nasa balakang na kayo ni Jesus, at nagtungo sa Kalbaryo kasama Niya. Namatay kayong kasama Niya, at nagbangon kayong kasama Niya. At nangakaupo na tayo ngayon sa mga Makalangit na dako sa Kanya, puspos ng Kanyang Espiritu, na mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Kasama Niyang namatay, kasama Niyang nagbangon. Tiyak nga.

²³⁵ Ngayon kung gayon, ngayon, maaari mo na Siyang makasama ngayon. Hindi mo pa magawa noon, dahil isang Salita ka pa lamang noon na nasa Kanya, isang binhi. Subalit ngayon ay ipinahayag ka na Niya, at ngayon ay nais Niyang ikaw ay makasama Niya. Noon ay bumaba Siya, nagkatawang-tao nang sa gayon ay lubos ka Niyang makasama. Nakita n'yo ba ang sakdal na pakikisama? Oh, naku, ang malalalim na mga hiwagang iyon ng Diyos! Kung gaanong kamangha-mangha! Kita n'yo, hindi magawang makisama ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu, kaya ang Diyos ay naging tao na kasama natin.

²³⁶ Si Jesus Cristo ay ang Diyos Mismo, na nahayag, dahil, isa Siyang Anak dahil ipinanganak Siya, subalit isa lamang iyong tabernakulo para panahanan Niya. "Walang taong nakakita kailanman sa Diyos, kundi ang nag-iisang Ipinanganak ng Ama ang nagpakilala sa Kanya." Ipinagtayo ng Diyos ang Kanyang Sarili ng isang bahay, isang katawang pananahanan, bumaba upang mahipo n'yo Siya. Unang Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman, nakita ng Mga Anghel, sinampalatayanan, tinanggap sa itaas sa Kalangitan." Kita n'yo? Ngayon Siya . . .

²³⁷ Kayo bilang nasa laman, at Siya bilang nasa laman, kung gayo'y maaari na kayong magkasama ngayon, dahil Siya ang katangian ng pag-ibig ng Diyos. Ang Diyos ay pag-ibig. Tama ba? At si Jesus ang katangian ng pag-ibig ng Diyos. At nang maipamalas ang katangian ng pag-ibig, na, iyon ay ang Diyos Mismo; ang lahat ng katangiang nasa Kanya, ay lumalapit sa Kanya, "Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama, ay magsisilapit sa Akin." Sigurado, kailangang naitalaga na sila muna noon

pang una. Kung hindi ganun, wala kayo doon. Ganoon lang. Tiyak nga.

238 Ngayon maaari na tayong magkasama-sama, sa pamamagitan ng—ng mga kayamanan ng Kanyang Salita, at na kung saan ay kabahagi kayo. Bahagi kayo ng Salita; dahil Siya ang Salita sa pasimula, kayo ang Salita ngayon. Kita n'yo? Mangangaral ako mamayang gabi, o sa Linggo o isa sa mga araw na iyon kapag pumarito ako, tungkol sa kung ano ang Salita, kita n'yo. At ngayon bahagi kayo ng Salita.

239 Makinig. May isang bagay na hindi ko magawa. Hindi ko magawang ipagmalaki ang mga ninuno ko. Hindi, nagmula ako sa isang hindi kanais-nais na kaguluhan. Ang ama ko ay Irlandés. Isang katutubong Amerikana naman ang aking ina, kalahating Indian; Indian ang nanay niya, na tumatanggap noon ng pensiyon. Ngayon, lahat sila, mga lasenggo, marami sa kanila'y namatay na suot-suot pa ang sapatos, na nakikipag-away, mga nakikipagbarilan, at kung anu-ano pa. Wala akong anumang maipagmamalaki tungkol doon, dahil terrible ang mga ninuno at angkang pinagmulan ko.

240 Subalit, kapatid, may isang bagay na maipagmamalaki ko, maipagmamalaki ko ang aking Panginoong Jesus na Siyang tumubos sa akin. At sa Kanyang nakapagpapabagong kapangyarihan ay nagtanim ng isang binhi, sa pamamagitan ng paunang pagtatalaga, at nakita ko Ito. Kaninong anak na ako ngayon? Oo. Maipagmamalaki ko Siya. At ginugol ko ang tatlumpu't tatlong taon ng buhay ko, na ipinagmamalaki Siya. Kung pagkakalooban pa Niya ako ng isa pang tatlumpu't tatlong taon, sisikapin kong higit pa Siyang maipagmalaki. Kita n'yo? Maipagmamalaki ko ang Ninuno ko, aleluya, Siya na tumubos sa akin at nagtanim ng binhi ng Buhay *dito* sa loob, at pinahintulutan akong tumunghay sa Salitang ito, isinugo ang Kanyang Espiritu at sinabi, "Narito Ito. Salitain mo *ito*, at mangyari ito. Gawin mo *iyon*." At oh, naku, maipagmamalaki ko Siya! Papaano Niya ginawa iyon? Sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig gamit ang Salita, ang mga tubig ng paghihiwalay. Sana'y maipaliwanag pa natin ito.

241 Ang mga totoong itinalagang mga mananampalataya ay mananatiling kasama ng Salita dahil bahagi sila ng Salitang iyon.

242 Oh, mga bituing pagala-gala, gaano pa kayo katagal magpapagala-gala? Kayong mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, mga taga-labas, kahit ano pa kayo, mga bituing pagala-gala, palipat-lipat ng iglesya, sa kung saan-saang dako, at telebisyon sa telebisyon, mundo sa mundo, bakit hindi kayo lumapit? Nananabik Siyang makasama kayo. Nananabik Siya sa inyo. Nais Niya kayong baguhin sa pamamagitan ng pagbabago ng pag-iisip n'yo, hindi tungo sa iglesya o sa denominasyon,

kundi tungo sa Kanyang Salita, na, kabahagi kayo kung nasa inyo ang paghahangad na iyon.

Mapapalad yaong *nangagugutom at nangauuhaw* para sa *katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin.* (Kita n'yo? Uh-huh.)

²⁴³ At isinugo nito ang nakapagpapabagong kapangyarihan Niya, upang ilabas kayo sa kasiraang ito ng relihiyon na kinapapalooban ninyo. Sa kaguluhan ng kasiraang ito na kinapapalooban natin, ay isinugo ng Diyos ang Kanyang nakapagpapabagong kapangyarihan, ang Kanyang Salita, na pinatotohanan, pinatunayan, upang ilabas kayo sa relihiyosong kasiraan ng kamangmangang ito na nilalakaran n'yo, “hubad, bulag, maralita, at hindi ito nalalaman.” Pag-isipan ito, mga kaibigan.

²⁴⁴ Alam n'yo, isinugo ng Diyos ang nakapagpapabagong kapangyarihan Niya upang isakatuparan ang Kanyang Salita, at binago ang buong katawan nina Sarah at Abraham. Binago ang isang matandang lalaki at isang matandang babae, dahil ipinangako Niyang gagawin Niya ito.

²⁴⁵ At kung ano ang ipinapangako ng Diyos na gagawin, iyon ay Kanyang gagawin. Wala ni isa, kahit ano. . . Kahit anong masamang bagay, na walang anumang magagawa dito ang Diyos. Kundi tutuparin Niya ang Kanyang Salita, at isusugo Niya ang Kanyang Espiritu! “Akong Panginoon ang nagtanim Nito. Didiligan Ko Ito araw at gabi, baka may umagaw nito sa Aking mga kamay.” Sinasabi iyan ng Biblia.

²⁴⁶ Oh, mga bituing gala, kayong mga may hangarin sa inyong puso! Kailangang taglayin ninyo ito, kundi ay hindi kayo nangakaupo rito sa umagang ito. At hindi kayo pupunta sa mga simbahang iyon at mga awditoryum, at mga bagay na pinasukan n'yo na, sa labas at buong lupain, kung walang Anuman na nagdala sa inyo roon. May isang tao na nakipag-usap sa inyo. Huwag nang lumayo pa. Mayroong paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng Salita, na magpapaputi sa inyong gaya ng niyebe. Oh, mga anak na lalaki ng Diyos, makinig! Huwag kayong manatili sa kasiraang iyan. Magsilabas kayo rito. Nanampalataya si Abraham sa Diyos, at tinawag ang anumang bagay na taliwas. . .

²⁴⁷ Sasabihin n'yo, “Papaano ako makapaghahanapbuhay? Papaano ko magagawa ang *ganito*?” Ang Diyos na ang bahala doon. “Papaano ko magagawa? Tatanggihan ako ng mga kasamahan ko.”

²⁴⁸ Sinabi ng Diyos, “Siya na iiwan ang kanyang sariling ama, ina, asawang babae, asawang lalaki, mga tahanan, mga bahay; bibigyan Ko sila ng mga tahanan at mga bahay, bibigyan ko sila ng mga ama at mga ina, at mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae, sa mundong ito, at ng Buhay na Walang

Hanggan sa mundong darating.” Isa itong pangako, kaibigan. Na, oh, na kailangang madiligan! Bawat ipinapangako ng Diyos ay natutupad. Ang bawat Binhi ng Diyos ay isang pangako.

²⁴⁹ At, kapatid na babae, itigil na ang pagpapaputol ng buhok na ’yan, dahil hindi ito pangkaraniwang bagay sa harap ng Diyos. Itigil na ang pagsusuot ng mga ganyang damit, kasuklam-suklam ito sa Kanya!

²⁵⁰ Kayong mga kapatid, kayong mga lalaki, itigil na ang pagsisilbi sa mga denominasyong ito, sa paggawa ng mga bagay-bagay, at hinahayaan ang mga asawa ninyong gawin ang kung anu-anong mga bagay. Hindi ito nararapat sa mga Cristiano.

²⁵¹ Bumalik sa Salita! Tanggapin ang Salitang iyon, tutubo Ito. Tiyak na ito’y tutubo. Ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng Diyos na nagdala Nito noong una pa man, sadyang nasa Kanyang daan na Siya pabalik, kinukuha na Itong muli pabalik ngayon. Babalik na siyang muli sa kung nasaan ito noon.

²⁵² Si Enoc ay inilipat noon, mula sa kamatayan, sa pamamagitan ng nakapagpapabagong kapangyarihan ng Diyos. Para saa’t ginawa iyon ng Diyos? Para maging tipo ng aagawing Iglesya na darating. Siyanga. Ganoon din si Elias.

²⁵³ Binuhay ang katawan ni Jesus pagkatapos nitong mamatay. At sa libingan, binuhay ang katawan ni Jesus ng Salita ng Diyos; at binago, mula sa isang patay, na malamig na larawan, tungo sa isang binuhay na muli, na niluwalhating Anak ng Diyos. Dahil ang propeta, Mga Awit 16:10, kung gusto n’yo itong isulat, 16:10, ay nagsabi, “Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol, ni hindi Ko man titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan.” O Diyos!

²⁵⁴ Kailangang matupad ang Salitang iyon, Salita Iyon ng Diyos! Itanim Ito sa puso ninyo, kung gusto ninyong makasama sa isang Pag-Agaw. Kung gusto ninyong maging mga Cristianong tunay, ilagay ang Salitang ito. Sa palagay ko’y si Ezekiel ’yon, sabi ng Diyos, “Kunin mo ang balumbong iyon at kanin mo ito,” nang sa gayon ang propeta at ang Salita ay maging isa. At bawat pangakong naroon ay kailangang maihayag ang sarili nito, dahil sa ito’y orihinal na Binhi ng Diyos. Huwag n’yong hayaang pilitin Itong ipasuka sa inyo ng kung sinong edukadong teologo dito. Huwag ninyong hayaang wisikan niya kayo ng makamundong siyensiya at kaalaman, at edukasyon. Sampalatayanan n’yo ang Diyos!

²⁵⁵ Hindi tinanggap ni Abraham ang siyentipikong pananaliksik ng panahon niya, sabihing, “Napakatanda ko na para magkaanak, malayo na ang narating ko. Nagawa ko na ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*.” Kundi tinawag niya ang anumang bagay na taliwas, sa Salita ng Diyos, na para bang hindi ganoon. At hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, sa kawalan ng pananampalataya; kundi naging matatag, na nagbibigay-

papuri sa Diyos. Alam niyang kaya ng Diyos na gawin kung ano ang ipinangako Niya.

²⁵⁶ Oh, pagala-galang mga anak na lalaki, na sinira na ng mga ligaw na baging ng mundong ito! Pagala-galang mga kapatid na babae, na ang mga lugar at mga moda ng sanlibutang ito'y naakit na kayo! At, minamahal na kapatid na babae, maaaring ipagpalagay ninyo akong isang matandang kakatwa, ngunit isa sa mga araw na ito kapag nakaharap n'yo na kung ano ang nakaharap ni Florence Shakarian noong isang gabi; naupo siya sa silid, din, na ito sa lugar na ito, gaya ng alam n'yo. Kapag nakaharap n'yo na iyon, malalaman n'yo na, hindi ako, kundi ang Salitang ito ay tama. Layuan n'yo ang mga barberyang iyon, ang mga tindahan ng modang iyon. Layuan n'yo ang mga bagay na iyon.

²⁵⁷ Sabi, “Bakit hindi mo sila turuan ng mga dakilang bagay, kung papaano maging *ganito*?” Simulan muna ang ABAKADA n'yo, at saka tayo darating sa algebra. Kita n'yo? Magsimula munang matuto, “na siya ninyong katampatang pagsamba.”

Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyong alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong katawan na isang haing buhay, banal, at kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.

²⁵⁸ Basta gawin n'yo ang “inyong katampatang pagsamba,” ang Diyos na ang bahala sa iba pa; kita n'yo, upang pangatwiranan lamang ang mga bagay na mapapangatwiranan ninyo mismo at magagawa. Hindi ba ito...Hindi ba't wala sa katuwirang hubdan ng babae ang sarili niya, at lumabas dito at kumilos nang ganoon, gayong kinukondena ito ng Biblia? Hindi ba't wala sa katuwirang isadlak ng lalaki ang sarili niya sa isang dogmang gaya ng mayroon tayo ngayon, at lahat ng kung anu-anong ito dito, at lahat ng kung anu-anong ito ng seminaryo, at kung anu-anong ganoon, gayong lubos na taliwas ito sa Salita ng Diyos? Kita n'yo?

²⁵⁹ Ang mga labi ni Isaias, isa lamang siyang pangkaraniwang taong may maruming mga labi. Sabi niya, “Panginoon, nasa gitna ako ng maruruming tao, at mayroon akong maruming mga labi. Sa aba ko sapagkat nakita ko ang Diyos.” At bumaba ang isang Anghel, kinuha ang Apoy, Banal na Apoy mula sa dambana ng Diyos, at binago ang kanyang mga labi; mula sa mga labi ng isang lagalag na tao, tungo sa mga labi ng isang propetang taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng Diyos!

²⁶⁰ Isang daan at dalawampung mangingisda, at—at hamak na matatandang tintera ng telang kulay-ube, ng kababaihan, at nagsipagtipong sama-sama ang mga iyon sa isang silid sa itaas at ikinandado ang mga pinto, ang ilan sa kanila'y

walang sapat na pinag-aralan upang mailagda ang sarili nilang mga pangalan. Binago sila ng Diyos mula sa pagiging mga mangingisda, tungo sa pagiging mga mangingisda ng tao; mula sa pagiging mga kalalakihan at kababaihan na nasa lansangan, tungo sa pagiging mga banal ng Diyos, walang kamatayan. Ang nakapagpapabagong Kapangyarihan ng Diyos!

²⁶¹ Si Pablo, isang lokal na kaanib noon ng iglesya, Presbyterian, Methodist, Baptist, Pentecostal, o kung anuman; naglakbay siya doon sa lansangan, na taglay ang napakamapanghamong espiritung iyon, na higit ang nalalaman niya kaysa sinuman sa kanila. Lumaki siya sa ilalim ng pagtuturo ni Gamaliel, isa sa pinakamahuhusay na gurong mayroon noon sa lupain. Anong nangyari sa paglalakbay niya patungong Damasco, para ipadakis noon ang isang pangkat ng mga taong nagsisisampalataya sa Salita ng Diyos? Sa paglalakbay niya patungo roon, ay napasubasob siya, at nakarinig siya ng isang Mensahe. At binago siya Nito mula sa pagiging isang kaanib ng iglesya at isang palasimbá; patungo sa pagiging isang propeta ng Diyos, na nagsulat ng Salita ng Diyos, sa Bagong Tipan. Mula sa pagiging isang kaanib ng iglesya patungo sa pagiging isang banal!

²⁶² Oh, bituing pagala-gala, huminto na tayo. Pagala-galang anak, pagala-galang Binhi na nagpapalipat-lipat sa iba't ibang dako, na nasa kasiraang ito; bumaling kayo, sa umagang ito, mga anak. Pakiusap, dinggin ninyo ako bilang isang—isang tao na nagsisikap tumayo sa pagitan ng mga buhay at mga patay.

²⁶³ Sa dako riyan ng lupain kung saan umaabot ang pagsasahimpapawid kung nakakonekta pa rin kayo, kayong nagpagala-gala na sa lugar, pakiusap maupo pa nang saglit. Alam kong tanghali na dito sa Tucson o, ipagpaumahanin ninyo, sa Phoenix, dalawampung minuto na bago mag-alas-dose. At pinagtagal ko ang mga taong ito dito nang buong umaga. Inagaw ko kayo sa inyong mga trabaho at mga bagay-bagay. Subalit tingnan n'yo, mahal na kaibigan, maaaring malayo na kayo magpakailanman sa Diyos. Pakiusap, manumbalik na kayo sa umagang ito. Maaari ba? Mayroong silid doon sa Bukal.

Sa isang sabsaban malaon na, alam kong gayong
nga,

Isang Sanggol ang isinilang upang iligtas ang
mga tao sa kanilang pagkakasala.

Nakita Siya ni Juan sa dalampasigan, ang
Kordero magpakailanman,

Oh, si Cristo, ang Napako sa Kalbaryo.

Oh, iniibig ko ang Lalaking iyon na mula sa
Galilea, mula sa Galilea,

Sapangkat napakarami ang para sa aki'y
Kanyang ginawa.

Pinatawad Niya ang lahat kong sala, inilagay
sa akin ang Banal na Espiritu;
Oh, iniibig ko, iniibig ko ang Lalaking iyon
mula sa Galilea.

Isang publikano ang nagtungo doon sa templo
upang manalangin isang araw,
Siya'y nagsumamo, "O Panginoon, kahabagan
Mo ako!"

Siya'y pinatawad sa lahat niyang kasalanan, at
nanahan ang lubos na kapayapaan;
Kanyang sinabi, "Halikayo't tingnan itong
Lalaking taga-Galilea." Tama.

Ang pilay ay pinalakad, ang pipi ay
pinagsalita,
Ang kapangyarihang iyon ay sinalitang may
pag-ibig doon sa dagat;
Ang bulag ay pinadilat, alam kong wala nang
iba pa
Kundi ang habag niyaong Lalaking taga-
Galilea.

²⁶⁴ Itipo n'yo iyan sa ministryo ngayon.

Ang babae sa balon, Kanyang sinabi ang lahat
niyang kasalanan,
Kung paanong may lima siyang asawa noong
panahong iyon.

Siya'y napatawad sa bawat kasalanan, at
nanahan ang lubos na kapayapaan;
Sumigaw siya, "Halikayo't tingnan itong
Lalaking taga-Galilea!"

²⁶⁵ Babae, kaya pa rin Niyang gawin ang ganoon. Nabasa Niya
ang puso mo ngayong umaga. Lalaki, nabasa Niya ang puso mo.
Oh, maniningil ng buwis, manalangin tayo!

Oh, iniibig ko ang Lalaking iyon na mula sa
Galilea, mula sa Galilea,
Sapagkat napakarami ang para sa aki'y
Kanyang ginawa.

Pinatawad Niya ang lahat kong sala, inilagay
sa akin ang Banal na Espiritu;
Oh, iniibig ko, iniibig ko ang Lalaking iyon
mula sa Galilea.

²⁶⁶ Maaari n'yo ba Siyang ibigin, na kasama ko, sa umagang
ito? Oh, napariwara, na pagala-galang makasalanan, dito o
kung saan man kayo naroroon, maaari n'yo bang tanggapin
ang Panginoon ko sa umagang ito? Siya ang Salita, at naihatid
na sa inyo ang Salita. Maaari n'yo ba Siyang tanggapin sa
umagang ito? Maaari bang itaas lamang ang inyong mga kamay
o magsitayo kayo, o anuman, at manalangin, sabihin, "Nais

ko Siyang tanggapin ngayon din. Kapatid, nakahanda ako. Nais ko ngayon din na tanggapin Siya.” Maaari ba kayong magsitayo, sinumang nais na maipanalangin, at sabihin, “Ako ay . . .” maipanalangin, sa halip, “Isa akong makasalanan. Nais kong . . .” Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Mayroon pa ba? Manalangin ang lahat ngayon, nang isang saglit.

Oh, sa isang sabsaban malaon na, (nasa isang kaguluhan ito, alam n’yo, ang mundo noon),
at alam kong gayon nga,
Isang munting Sanggol ang isinilang upang
iligtas ang tao sa kanilang pagkakasala.
Nang makita Siya ni Juan sa dalampasigan,
Siya ang Korderong iyon magpakailanman,
(Siya pa rin ngayon)
Oh, Siya si Cristo, ang Napako sa Kalbaryo.

²⁶⁷ Maaari n’yo ba Siyang ibigin nang buong puso n’yo ngayon, nang sa gayo’y makalabas kayo sa makasanlibutang kalagayang ito na inyong kinalalagyan? Kayong mga kababaihan, kayong mga kalalakihan, oh, para saa’t naupo kayo rito hanggang sa sandaling ito? Ipinapakita nito na may kung anong bagay diyan sa loob ninyo, mayroong kung ano riyan na nagugutom at nauhaw. Hindi sana kayo naupo dito nang dalawa o tatlong oras, nangakaupo sa gusaling ito na ganito; mayroong kung ano. Maaari n’yo ba itong dinggin ngayon? Hayaan ang mga usong moda at siyensiya, at lahat ng mga bagay ng sanlibutan, na mawaksi mula sa inyong isipan ngayon mismo, minamahal na kapatid na lalaki o minamahal na kapatid na babae.

Ang mga iglesya’y nagkakaisa na,
nangawawasak ang mga dakilang bansa,
ang Israel ay namumulat,
Ang mga tandang iprinopesiya ng mga
propeta;
Araw ng mga Gentil ay bilang na, na may
hilakbot na pasanin;
“Magbalik, O mga nangalat, sa inyong sariling
lupain.”

Ang araw ng katubusa’y malapit na,
Mga puso ng tao’y nanlulupaypay sa takot;
Mangapuspos ng Espiritu, mga ilawa’y pag-
igihi’t pagliwanagin,
Tumingala, ang inyong katubusa’y malapit na!
Mga bulaang propeta ay nagsisipandaya, ang
Katotohanan ng Diyos kanilang itinatatwa,
Na si Jesus na Cristo ang ating Diyos,

²⁶⁸ Ngayon, totoo ’yan. Alam n’yo ’yan, lahat tayo, ang panahon na kinabubuhayan natin.

Subalit sinabi Niyang magliliwanag sa oras ng
 gabi,
 Ang daan sa Kaluwalhatian tunay na iyong
 masusumpungan.

²⁶⁹ Iyan ang panahon na kinabubuhayan natin ngayon. Sisikat
 ang Liwanag sa pagsapit ng gabi kung kailan lumalaganap na
 ang kadiliman, sa oras ng takipsilim, ang panggabing bituin.

Takipsilim at panggabing bituin,
 At pagkatapos niyao'y ang kadiliman!
 Wala nawang kalungkutan ng pamamaalam,
 Kapag ako'y lumulan na sa wakas;
 Sapagkat ang lahat ng nasa labas ay sakop ng
 oras at lawak,
 At ang mga baha'y maaaring sa malayo ako
 matangay,
 Ngunit nais kong makita ang aking Piloto nang
 mukhaan
 Kapag akin nang tinawid ang harang.
 Huwag sabihin sa akin, sa mga bilang ng
 kapanglawan,
 Na ang buhay ay isa lamang hungkag na
 pangarap!
 At ang kaluluwa ay patay na nahihimbing,
 At ang mga bagay ay kung ano talaga sila.
 Oo, totoo ang buhay! At ang buhay ay maalab!
 At ang libingan ay hindi nito hantungan;
 Sapagkat ang ika'y alabok, sa alabok
 magbabalik,
 Ay hindi tumutukoy sa kaluluwa.
 Mga buhay ng mga dakilang tao'y
 nagpapaalala sa atin,
 At magagawa nating mga buhay nati'y maging
 dakila,
 At, ang mga paglisan, nag-iiwan sa atin,
 Ng mga bakas ng paa sa mga buhangin ng
 panahon;
 Mga bakas ng paa, na marahil sa iba,
 Habang naglalayag sa ibabaw ng taimtim na
 pinakalayunin ng buhay,
 Isang mapanglaw at napariwarang kapatid,
 Sa pagkakita, ay mabuhayang-loob na muli.
 Magsitindig tayo, kung gayon, at magsigawa,
 Na may tibay ng loob sa anumang labanan;
 Huwag maging mangmang, na
 ipinagtutulakang mga baka!
 Maging bayani sa pakikipagbaka!

270 Minamahal na Diyos, sila po ay sa Iyo. Nakita ko ang dalawang lalaki na nagsitayo, Ama. Dalangin ko, Diyos, na tatanggapin Mo po sila ngayon. Nais nilang maging Iyong mga anak. Nagising na sila mula sa kamangmangan ng buhay na kanilang ipinamuhay, at nais na nila ngayong manariwa, mabago, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo sa Binhing iyon na naitanim sa kanilang mga puso sa araw na ito. Walang Hanggang Diyos, ang Manlilikha ng lahat ng mga bagay, na Siyang gumawa ng Iyong Salita, at sumasampalataya ako na alam Mong gagawin ito ng mga lalaking ito sa umagang ito. Dalangin ko, Panginoon, na Iyong didiligin ang Salitang iyon, araw at gabi, at huwag kailanmang hayaan si Satanas na agawin ito mula sa Iyong mga kamay. Maging isang punongkahoy nawa ito na minsan, sa Paraiso ng Diyos, kapag muli nang pinanumbalik ang lahat ng ito, sapagkat hindi mabibigo ang Iyong Salita, na magbabalik itong muli. Sapagkat ang mundong ito . . .

271 At hindi na magkakaroon ng ganitong uri ng sibilisasyon sa mundong darating. Wala nang mga sasakyan o anuman na ginawa ng siyensiya. Wala nang mga ganoong bagay sa mundong darating. Kundi ito'y magiging isang sibilisasyong Sariling tipo ng Diyos na Kanyang itatatag sa maluwalhating paghaharing iyon. Sapagkat, sa sibilisasyong ito'y mayroong karamdaman, kamatayan, kalungkutan, mga libingan, at kahirapan. Subalit sa Kahariang iyon na darating, wala nang kamatayan, wala nang kalungkutan, wala nang karamdaman, wala nang pagtanda. O Diyos, magiging bago na itong lahat doon, sa Iyong sibilisasyon.

272 Diyos, baguhin Mo po kami ngayon, sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan, sa pamamagitan ng pagbabago ng aming pag-iisip, upang bumaling mula sa mga kapos na elemento ng mundong ito ngayon, tungo sa Salita ng Diyos. At mabago nawa kami sa pamamagitan ng nakapagpapabagong kapangyarihan ng Diyos para sa Binhi na nasa aming puso, na magsisampalataya kami, tungo sa mga nilalang na tinatawag na mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Ito po ang dalangin ko sa Iyo, Ama, para sa mga tao, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

273 Ngayon sa inyong nasa pagsasahimpapawid, nasaan man kayo, gusto kong tanggapin ninyo diyan si Cristo, bilang personal ninyong Tagapagligtas, at nang mapuspos ng Kanyang Espiritu. Ang Mga Salitang nasabi sa umagang ito, mahulog nawa iyon sa puso ninyo. At doon nawa ninyo tanggapin si Jesus. At pagmasdan ninyo ang buhay n'yo, at tingnan ninyo kung ano ang ipapamuhay ninyo pagkatapos. At gamitin n'yo ang Panala ng taong nag-iisip rito. Kapag nakita ninyo ang inyong sarili na gumagawa ng anumang bagay na taliwas dito sa Salita, layuan n'yo ito, kaagad mismo. Kita n'yo? Dahil, may isang Panala na nagpapalayo sa inyo sa kamatayan, 'yon ang Salita ng Diyos.

Ang Kanyang Mga Salita ay Buhay, at ilalayo kayo ng mga iyon sa kamatayan.

²⁷⁴ Kayong mga taong narito ngayon sa awditoryum, pinagtagal ko kayo rito. Nagpapasalamat ako sa pagparito ninyo. Dalangin kong huwag kailanmang hayaan ng Diyos na mamatay ang Binhing ito. Sana’y hindi n’yo isiping tumatayo ako rito para lamang sabihin ang mga bagay na ito upang maiba. Sinasabi ko ito dahil sa pag-ibig; at nalalamang ito’y habang mortal pa ako, gaya ko ngayon, ay ang tanging pagkakataong magagawa kong mangaral sa mga tao. At mahal ko si Jesus Cristo. Siya ang aking Tagapagligtas. At alalahanin, naroroon na sana marahil ako sa lansangan kung hindi dahil sa Kanya. Naroon na sana marahil ako; lahat ng mga magulang ko, lahat ng mga angkan ko, ay mga makasalanan. Ngunit ang Diyos, sa pamamagitan ng nakapagpapabago Niyang kapangyarihan, alam kong lumikha ito ng isang bagong nilalang mula sa akin. At kaya kong—mairerekomenda ko Ito sa inyo, na mabuti Ito. At magpapanatili ito sa mga oras ng kabagabagan. Maging sa kamatayan, sa pintuan, wala kang takot. “Walang anumang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos, na na kay Cristo.” Pagpalain nawa ng Diyos ang bawat isa sa inyo, at bigyan kayo ng Buhay na Walang Hanggan.

²⁷⁵ Ilan dito ang wala pang Binhi ng Diyos, ang bautismo ng Banal na Espiritu? Maaari n’yo bang itaas ang kamay ninyo, sabihin, “Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham, na matanggap ko yaong Espiritu Santo.” Ngayon ilagay ninyo ang Salita sa inyong—sa puso ninyo, at sampalatayanan Ito. Ngayon kung inyong. . . Maaari ninyong tingnan ang inyong sarili. Pumunta at tumingin sa salamin, at makikita n’yo kung nasaan na kayo. Kita n’yo, malalaman ninyo.

²⁷⁶ Sasabihin n’yo, “Buweno, hindi ko itinaas ang kamay ko, dahil naniniwala akong taglay ko.”

²⁷⁷ Tingnan ang inyong sarili sa salamin, saka ninyo makikita kung anong uri ng espiritu ang nandaraya sa inyo, kita n’yo. Nadaya sa pag-iisip! “May daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan.” Totoo ba iyon?

Down at the cross where my Saviour died,
Down there for cleansing from sin I cried;
Oh, there to my heart was the Blood applied;
Glory. . .

²⁷⁸ Ipikit lamang ang inyong mga mata, nang saglit ngayon, at awitin lamang iyon sa Kanya. Itaas lamang natin ang ating mga kamay.

Glory to His Name, His precious Name!
Glory to His Name!

There to my heart was the Blood applied;
 Glory to His . . .

279 Nais kong magkamayan kayong mga Cristiano sa isa't isa, na naligtas.

I am so wondrously saved from sin,
 Jesus so sweetly abides within,
 There at the cross where He took me in;
 Glory to His Name!

Glory to His Name, precious Name!
 Glory to His Name!
 Oh, there to my heart was the Blood applied;
 Glory to His Name!

280 Ang Dugo ay may binhi ng Buhay Dito, alam n'yo. Para ito sa kanila na hindi nangakakakilala sa Kanya.

Oh, come to this Fountain so rich and sweet;
 Cast thy poor soul at the Saviour's feet;
 Oh, plunge in today, and be made complete;
 Glory to His Name!

Oh, glory to . . .

Iyukod natin ang ating mga ulo habang inaawit natin ito.

Glory to His Name!
 There to my heart was the Blood applied;
 Glory to His Name!

281 Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sabi ni Pablo, "Aawit ako sa Espiritu. Sasamba ako sa Espiritu." Muli natin itong awitin nang talagang malumanay, nang nakataas ang ating mga kamay.

282 Alam n'yo, ang problema dito, tayong mga taong Pentecostal, naiwala na natin ang ating kagalakan, naiwala na natin ang ating mga emosyon. Gaya nga ng sinabi ni Billy Graham noong isang gabi, "Silang mga mangangaral, na mga nakabaliktad ang kuwelyo, patungong Timog, ipinapalakpak ang kanilang mga kamay, at isinasaliw ang pagmamartsa ng kanilang mga paa sa lupa, at ipinapadyak, mayroon silang bagay na ikinasasaya nila." Buweno, oo, mayroon akong Isang Bagay na ikinasasaya ko. Kita n'yo? Kita n'yo? Oo. Ganoon nga, naiwala na natin ang ating emosyon.

283 Ngayon itaas lamang natin ang ating mga kamay. Huwag mabahala sa mga luha, hindi naman makakapanakit ng anuman ang mga iyon, kita n'yo. Hindi iyon nakakasakit. "Siyang lumalabas na naghahasik, na may luha, ay di sasalang babalik, na dala ang mahahalagang bigkis ng inani." Siyanga.

Glory to His Name, precious Name!

Glory to His Name!

There to my heart was the Blood applied;

Glory to His Name!

Glory to His . . . (O Diyos! Purihin ang Diyos!)

Glory to His Name!

Ibaon Mo po ang Binhi, Panginoon, sa puso!

To my heart was the Blood applied;

Glory to His Name!



ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS NA MAKAPAGPABAGO TAG65-0911
(God's Power To Transform)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Setyembre 11, 1965, para sa agahan ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Ramada Inn sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org